# POLITIKA AT ETIKA SA PILIPINAS: Diyalektika ng Tradisyon at Modernidad sa Nobelang *Nangalunod sa Katihan* ni Faustino Aguilar

E. San Juan, Jr.*

---

**ABSTRACT**

Dramatizing the fraught transition of the feudal-agrarian Philippines into a mixed economy during the first years (1899-1909) of U.S. colonial domination, the novel distils class-conflict into a family tragedy. But the central theme focuses on the influence of comprador/commercial ideology on the native elite and their subalterns. Don Hasinto, the landlord-cacique of Balingkahoy, rapes a peasant women and ruins the future of her family. Her fiance Pedro, a peasant-worker, moves to the city for income to fulfill his promise to Lusia. His contradictory experience with the urban proletariat sharpens his sensibility, It introduces him to the middle-stratum, the intellectual Dimas-Ilaw who embodies the submerged nationalist tradition of the 1896 revolution. Pedro acquires a collectivist consciousness and civic spirit. However, his sympathy with the victim (his beloved Lusia and her family) forces him to vow revenge (l*ex talionis*). Pedro's slaying of Don Hasinto induces a catharsis, a purification of polluted ground. Pursuing the code of familial-clan ethics, Pedro's act vindicates patriarchal

honor, but fails to enlighten the folk stifled by feudal-comprador politics. The ethics of revenge, however, is subsumed by the popular, nationalist teachings of Dimas-Ilaw who moves to Balingkahoy. Dimas-Ilaw's conceptualization of what happened in the town reconfigures personalist ethics, prophesying structural changes triggered by the act of peasant defiance of the ruling landlord-patrimonal politics of the colony.

*Keywords: modernisasyon, politika, etika, piyudal, komprador, kolonyalismo, kontradiksyon, dangal*

*Repay no one evil for evil…Beloved, never avenge yourselves, but leave it to the wrath of God, for it is written, "Vengeance is mine, I will repay, says the Lord." [Hanggat maaari, makisama kayong mabuti sa lahat ng tao. Mga minamahal, huwag kayong maghiganti; ipaubaya ninyo iyon sa Diyos. Sapagkat nasusulat, "Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti, sabi ng Panginoon."]*

*—Romans 12:17, 19,*
*New Testament*

*The overthrow of mother-right was the world-historical defeat of the female sex. The man took command in the home also; the woman was degraded and reduced to servitude, she became the slave of his lust and a mere instrument for the production of children.*

*—Friedrich Engels, The Origin of*
*Family, Private Property and*
*the State*

*Totoong nabibigo ang sinumang nagtatangkang mamahala nang ayon sa teorya lamang sapagkat sadyang isang praktika ang agham ng pamamahala. Subalit totoo rin na ang lahat ng praktikang taliwas sa teorya, o sa katwiran at sa agham, ay tumpak na sabihing maling pamamahala, na nangangahulugang isang katiwalian kaya't nagiging tiwali rin ang lipunan.*

*—Apolinario Mabini,*
*Ang Rebolusyong*
*Filipino*

## PROLOGO

Sa pag-aneks ng Pilipinas bilang agraryong kolonya ng atrasadong Espanya, nabuo ng kasaysayan ang isang halimaw: pinagsiping ng imperyalistang Estados Unidos ang kasikeng piyudal, oportunistang komprador, at burokrata-kapitalista. Sa politika, umiral ang abstraktong

karapatan ng lahat sa negosyo/pagbili ng lakas-paggawa. Sa etika ng pakikipagkapwa, patuloy na umiral ang awtoridad ng maylupa't patriyarkong ugali. Tumindi ang pagsasamantala sa kalikasan at kababaihan. Paano maipagsasanib ang magkabilang panig ng kontradiksiyon: ang etika ng dangal ng angkan laban sa pribilehiyong pampolitika ng uring maylupa? Paano matatanggap ang politika ng oligarkyang piyudal laban sa karapatan ng bawat mamamayan sa isang kolonyang nagpapanggap na demokratikong sistema?

Sinubok ni Faustino Aguilar sa hinabing kathambuhay, *Nangalunod sa Katihan* (1911), na linawin ang suliranin sa paglalarawan sa pinagtambal na buhay sa nayon at sa siyudad (kinatawan ng dalawang lalaking protagonista). Sisiyasatin ng talakay kung ang hustisya ng angkan ay sapat na upang maibalik ang kapayapaan sa nayon, o di kaya'y kailangan ang abstraksyon ng batas naturaleza na ipinahiwatig ng mga aral ng intelektwal na hango sa hindi-pa tuwirang nagunaw na memorya ng 1896 rebolusyon.

Nabitin diumano ang tugon sa ilang doktrina o kasabihang naghahanap pa ng ahensiyang historikal na magsasapraktika nito. May bisa ba ang dunong kung walang magpapatotoo rito sa determinadong karanasan? Paano maisasapraktika ang teorya? Ito ang ilang katanungang sisikaping tistisin sa metakomentaryong sumusunod.

## SALIKSIK PANGKASAYSAYAN

Hitik ng ligalig at makasaysayang tunggalian ng mga uring panlipunan at sapin-saping sektor ang dekadang 1900-1911 sa bagong-sakop na teritoryo ng imperyalismong Amerikano, ang kapuluang Pilipinas. Sa loob ng apat na taong singkad, nalikha ni Aguilar ang apat na nobelang nagtatampok sa kaniyang pagkaunawa sa kahulugan ng mga pangyayari noon. Nauna ang *Pinaglahuan* (1907), sumunod ang *Busabos ng Palad* (1909). Tig-dalawang taon ang sumisingit sa pagyari ng mga nobela; dalawa ang nailathala noong ika-1911: ang *Nangalunod sa Katihan* at *Sa Ngalan ng Diyos.* Kambal na nobela ang huli: ang una'y nakatuon sa problemang agraryo habang ang huli'y sumisilip sa suliranin ng ugnayang panloob ng mga naniniwala o nagtitiwala sa mga alagad ng Simbahan. Dalawampu't siyam na taong gulang ang awtor. Dalawang taon na rin ang lumipas buhat nang

tumalab ang Payne-Aldrich Tariff Act ng 1909, na tuwirang nagpabansot sa ekonomiya ng bansa nang gawing tambakan ito ng mga produktong galing sa Estados Unidos.

Ang nobelista ay tumupad sa tungkuling pagka-agrimensor ng tanawing hitik ng mga puwersang nagtatagisan sa isang tiyak na yugto ng kasaysayan. Pangunahin ang alitan ng imperyalistang *metropole* at sinakop na teritoryo. Tampok dito ang mabilis na transpormasyon ng damdamin at kaisipan ng bayang kontrolado ng burgesyang namumuno sa monopolyo-kapitalismo ng Estados Unidos. Sapilitang ipinapataw ang pangitaing sekular batay sa kalkulasyon ng tubo at pangingibabaw ng batas ng "malayang pamilihan" o *laissez-faire* sa negosyo. Umiral ang rasyonalidad ng salapi sa pamumuhay. Posisyon sa sosyedad sibil, hindi dugo o kamag-anakan, ang sukatan ng karapatan at kapangyarihang kakailanganin ng bawat mamamayan sa burgesyang orden.

## BUOD AT PANIMULANG KURU-KURO

Sa mga hindi pa nakabasa ng nobela o nakalimot na sa kanilang unang danas, baka makatulong ang lagom na ito. Sa matamis na pagsusuyuan nina Lusia at Pedro na lalong dumalisay sa panahon ng ani sa asyenda ng Balingkahoy, tila walang sukat ipangamba ang mga pesante. Nasaklolohan ni Pedro ang mga kasama sa paghuli ng isang mapanganib na ahas sa bukid.

Nagkataong nasulyapan si Lusia ni Don Hasinto na dumalaw noon sa kaniyang lupain. Nabighani siya sa kariktan ni Lusia at binalak mapasakaniya ang mala-birheng dalaga. Ipinagpaliban ang kasal nina Lusia at Pedro sa pagluwas ng lalaki sa Maynila upang makaipon ng sapat na gugol sa kanilang hinaharap. Sa pakikisalamuha sa masang nakikipagtagisan sa lungsod, umani siya ng mapanuring karanasan. Nahasa rin ang isip niya sa turo't halimbawa ng kaibigang Dimas-Ilaw, isang makabayang intelektwal, at kaniyang ulirang asawa. Lumalim ang kabatiran ni Pedro tungkol sa politika at etika ng kolonya. Nagkaroon siya ng kamalayan-sa-sarili sa pagkaintindi sa mga kontradiksiyon ng ugnayang panlipunan. Pinatunayan ito sa kaniyang isinulat na karanasan kay Lusia, simbolo ng sakrosantong espasyo ng kalikasan.

Samantala, bumalik na si Don Hasinto mula sa bakasyon niya sa Hapon kung saan nahumaling sa estilo ng aliwang dulot ng mga *geisha* at humanga sa modernisasyong sekular ng Hapon. Halos nagkabungguan sa bapor ang panginoong oligarko at si Pedro na noo'y naglilingkod bilang kargador sa piyer. Di nagluwat, sa tusong pakana, bukod sa paternalistikong pagtrato kay Goryong Dupil, ama ni Lusia, matagumpay ang gahasang matagal ding pinag-isipan ng kasike. Nabuntis si Lusia. Bagamat matindi ang galit ng ama, napilitang supilin ang udyok na maghiganti. Hindi maipagtapat ni Lusia ang nangyaring paglapastangan.

Nang bumalik si Pedro sa nayon, at napag-alaman ang nangyari, magiliw na kinausap ang katipan, dinamayan, at muling pinatotoo ang kaniyang pag-ibig. Sa harap ng libingan ng magulang, isinumpa ni Pedro na hindi niya pahihintulutang manaig ang kasamaan at ipagtatanggol ang dangal ng mga biktima. Pinaslang niya si Don Hasinto at matapang na hinarap ang hatol ng pagbitay. Di nagluwat natanto ng taumbayan ang kahulugan ng sakripisyo ni Pedro sa paglipat sa Balingkahoy ni Dimas-Ilaw, ang propetikong konsiyensiya ng makabayang komunidad. Pahiwatig ito na nagsimula na ang paghahasik ng mga mapangahas na paniniwala at kaisipang makapupukaw sa damdamin ng mga taong nagiyagis sa pagsalakay ng isang abang anak-pawis sa kapangyarihan ng panginoong piyudal at ng Estado ng mga oligarkong mapagsamantala.

Si Pedro ang bayani, ang makatuturang protagonista, ng nobela. Bagamat hindi pangunahing tauhan si Dimas-Ilaw, batid ni Aguilar ang katungkulan at responsibilidad ng progresibong intelektuwal. Kailangang imulat ang sambayanan sa katotohanang ikinukubli ng kapaligirang mapanlinlang. Kung ang *Pinaglahuan* ay pagsiyasat sa anatomya ng uring komprador at petiburgesyang karakter sa lungsod ng Maynila, ang *Busabos ng Palad* naman ay pagsusuri sa politikang pangkasarian ng milyung naliliman pa rin ng lumang tradisyong hindi mabuwag ng oposisyong anti-romantiko. Nagdalawang mukha ang *cacique* bilang komprador (si Don Hasinto), ngunit artistokratikong hilig pa rin (pinagpugayan ang tradisyon ng mga geisha sa Hapon), hindi utilitaryanistiko o instrumental. Sa *Nangalunod*, sinubukan ni Aguilar na himayin at lutasin ang masalimuot na kontradiksiyon ng personal at pampublikong usapin hinggil sa relasyong seksuwal at ang kontradiksiyon ng ekonomiyang piyudal at kapitalistang kaayusan sa siyudad.

## PAGSUSULIT SA ADHIKAIN

Tinugon ng nobelista ang mga tanong hinggil sa mga suliraning kaagapay ng paglalangkap ng piyudal na pangangasiwa sa agrikultura at industriyalisadong iskema ng kapitalismo. Anong tipo ng subalternong kayumanggi ang sumisibol sa Kanluraning pamamalakad? Sa mabilis na paglaganap ng liberal-burgesyang ideolohiya, paano mapapanatili ang masunuring ugali ng pesante at trabahador? Paano mapipigil ang ambisyon ng anak-pawis na umasenso't salungatin ang paghahari ng oligarkiya? Paano patuluyang maipapagtibay ang patriyarkong poder ng kalalakihan? Ano ang pumapalit sa nakagawiang pakikipagkapwa-tao sa nayon?

Dagdag pa ang mahuhugot na palaisipan mula sa nauna. Tanggap na kailangan ang transpormasyong radikal ng produktibong relasyon, ng aktuwal at praktikang pamumuhay. Kaagapay ito ng pagbabago ng mentalidad at ugali. Anong uri ng kontragahum ang maaasahan sa impluwensiya ng mapanuring pangitaing kinakatawan ni Dimas-Ilaw, ang karismatikong guro at tagapamansag ng makabagong kultura? Siya ay isang dayuhan, di umano'y extrangherong sumulpot sa Balingkahoy pagkaraang mailibing ang doble-karang Don Hasinto. Ano ang ibig ipahiwatig ng sitwasyon ni Lusia at anak na walang di-matanggap na talaan ng angkan? Sagisag ba ito ng kondisyon ng Pilipinas sa unang dekada ng pananakop ng Estados Unidos—isang mestizo o dili kaya'y bastardong anak ng dalawang sibilisasyong magkahidwa?

Sisikapin ng maikling metakomentaryong sumusunod ang pagtalakay sa mga paksang naiulat. Ito ay pagsubok na pahapyaw at nangangailangan pa ng masinop at malalim na pagsusuri sa iba pang mga nobela ni Aguilar na aking susubukin sa librong kinukumpleto ngayon (ilulunsad ng U.S.T. Publishing House sa taong ito ang *Faustino Aguilar: Kapangyarihan, Kamalayan, Kasaysayan:Isang Metakomentaryo sa mga Nobela ni Faustino Aguilar*). Ang kaniyang alaala ng panahon ng pananakop ng Hapon, *Nang Magdaan ang Daluyong* (1947), at ang nobelang *Ang Patawad ng Patay* (1952), ay bihirang matagpuan sa mga aklatan. Sanhi sa mahirap mahagilap ang limbag na kopya ng mga nobela ni Aguilar ngayon—bukod sa *Pinaglahuan* at *Sa Ngalan ng Diyos* (ni-reprint kamakailan ng Ateneo de Manila UniversityPress), ang pinakahuli't pinakamahalagang akda niya, *Ang Kaligtasan* (1951), ay hindi pa nailalathala— isang hikayat at panawagan ang

mensahe ng kritikang ito sa muling pagpapahalaga at seryosong pakikipagtalastasan tungkol sa naiambag ni Aguilar sa ating kabihasnan.

Sa pakiwari ko, ang pinakasentral na nagtutungaling pangitain-sa-mundo o ideolohiya sa nobela ay dalawa: ang indibidwalismong mapagkunwari laban sa damayan at pagkakabuklod ng mga manggawang sinasamantala. Sa malas, ang mapag-imbot na papel ni Don Hasinto laban sa mapagkalingang sensibilidad ni Pedro. Ngunit hindi payak o simple ang pagtaya sa dalawang karakter—*actant,* sa terminolohiya ni Greimas —ng kathambuhay. Maraming masalabid na usapin ang nakapagpapalabo sa implikasyon ng dalawang tauhan kung ituturing na si Lusia ay simbolikong predikamento ng Pilipinas. Naputol ang pagkasal niya sa magbubukid-manggagawang mayorya at napalaot sa tabu ng nakompromisong katawan. Saang puwesto at saray sa lipunan siya mailalagay? Saang bahagi ng lahi siya maihuhugpong?

Nakalugar sa sangandaang landas kapuwa ang dalawang protagonista. Nagtataglay ng kumplikasyon sapagkat ang rebolusyong anti-kolonyal, mula sa Katipunan hanggang kay Sakay (sa panahong limitado sa 1900-1911), ay nagapi. Hindi napalitan o nabago ang sistemang piyudal, manapa'y umigting at lumala ito (Labor Research Association, 1958; Pomeroy 1970). Hindi rin nabawasan ang kapangyarihan ng Simbahan, bagkus nasuhayan pa ng sabwatan ng mga panginoong may-lupa, uring komprador at burokrata-kapitalista (pansamantalang kasunduan ng mga Federalista, Nacionalista, at kawaksing pangkat). Hindi problema ang mga c*acique*, usurero, negosyante, na palasuko at tahasang oportunista. Ang talagang nais hikayatin ng administrasyon ni Taft ay ang gitnang uri—mga prospesyonal, artesano, maliit na mangangalakal, propitaryo, atbp.—na humingi noon ng reporma sa Espanya at tinanggihan. Sila ang inalok ng mga posisyon bilang presidente ng munisipyo, gobernador, empleyado sa mga kawanihan ng gobyerno. Komentaryo ni William Pomeroy:

> The indispensable factor in the success of [Taft's} attraction policy was the willingness of the Filipino middle-class elements to capitulate to obtain these limited gains for themselves. It embodied the complete abandonment of the agrarian revolution fought for by the peasant masses and an alliance with the American imperialists for the

> suppression of any further revolutionary movement from among the people. The behavior of the Filipino ruling classes, wealthy and middle class alike, illustrated the necessary complementary feature of an imperialist system: the collaboration of the ruling circles with the foreign dominating power (1970, 147-48).

Hindi tuwirang naghunos ang kasikeng piyudal sa sistemang kliyente-patronato. Pati ang kababaihan ay itinuring na lupaing mabubungkal, o gubat na mahahawan—tulad ng paglilinis ng katiwalang Goryong Dupil sa gubat sa paanan ng bundok. Ang indibidwalismong sinusunod ng pangkat ni Don Hasinto, bagamat mala-pragmatiko o "instrumentalistiko," ay may bahid pa rin ng aristokratikong mentalidad ng mga maginoong naghahari noong 1481-1492 sa Europa.

## SINALAMANGKANG MODERNISASYON

Sa mga lugar na kanugnog ng Maynila, masasaksihan ang mga "pagbabagong napuna" ni Pedro mula sa treng sinakyan pauwi sa Balingkahoy. Ngunit sadyang limitado ang bisa ng industriyalisasyon sanhi sa "free trade" na nabanggit. Ang unyon ng mga trabahador ay sumusupling pa lamang habang patuloy ang gerilyang operasyon ni Sakay hanggang 1907 nang siya'y mapikot at mabitay. Patuloy ang rebelyon ng mga pulahanes at iba pang milenaryong kilusan hanggang Komonwelt (Constantino 1975, 264-80; Agoncillo & Guerrero 1970, 286). Nakukulayan pa rin ang mga kilusang iyon ng makitid na pananaw at sektaryanismong paghahati, na katangian ng pesanteng trabahador na bahagya nang makaangat sa gawing-tribu. Maingat, tuso, at mapaghinala sa pangkalahatan, ang uring pesante ay nananalig sa tradisyonal na kaayusan, kostumbreng itinadhana (Gurvitch 1971). Katibayan ang saloobin ni Goryo at asawang Aling Mena, at lalo na ang mga nakatira sa Balingkahoy at Dapdap na dumalo sa libing ni Don Hasinto na pinangasiwaan ng kurang kainuman ni Don Hasinto, na tuloy nagantimpalaan sa pagpapanatili ng walang-katarungang *status quo.* Hindi humupa o nabawasan ang tunggalian ng mga uri, sa halip iyon ay umigting sa pagtaas ng porsiyento ng mga ingkilino/kasama sa unang dekada (Labor Research Association 1958, 15-17).

Ang digmaan ng mga sari-saring grupo ay payak at malinaw: mga magsasakang umuupa ng sakahan, o katiwalang upahan, laban sa panginoong maylupa na kaalyado ng Simbahan at tagatangkilik sa empresang dayuhan. Matalik na kaibigan ni Don Hasinto ang kura ng Balingkahoy, ang saserdote ng ipokrisya at pamahiin. Kakatwa ang paghahanay ng mga puwersang nagpapaligsahan. Si Don Hasinto ay kinatawan ng ordeng naghahari na dumalo sa burol na kinabibilangan ng pulisya, hukom, alkalde, at mga kapanalig na negosyante't komprador mula sa Maynila. Sugo o partisano siya ng kolonyalismong nagbalatkayo at umalila sa mga katutubong prinsipalya. Kalahi niya sina Pedro Paterno, Felipe Buencamino, Pardo de Tavera, na unang nagtaguyod sa "Benevolent Assimilation Policy" ni Presidente McKinley. Alalahanin natin na dahil sa *bandolerismo*—mga rebolusyonaryong aktibidad—pinairal ang Sedition Law ng 1901, Brigandage at Reconcentration Act simula 1903, Flag Law (1907), at sinupil ang mga mandudulang Aurelio Tolentino at Juan Abad, pati na ang mga peryodista sa *El Renacimiento* noong 1908.

Hinulma sa Katipunan at mga turo ng mga Propagandista (Rizal, Del Pilar, Jaena), ang pangkat ng mabakayang manunulat ay sumikat sa kaso ng *El Renacimiento* noong Oktubre 1908 (Agoncillo 1974, 245-48). Halaw sa grupong ito ang bisa at punksiyon ni Dimas-Ilaw, peryodista at nasyonalistikong aktibista. Hindi tinatablan ng silaw ni Don Hasinto at tukso ng Amerikanisasyon, si Dimas ang alegorikong personahe, propetikong protagonistang *Doppelganger* ni Pedro, ang taga-pagtubos ng sawing madla sa kanayunan. Palatandaan ng napipintong pagbabago ang mga matalinghagang kasabihang sinipi sa buntot ng kathambuhay. Sa digmaan ng mga puwersang pampulitika, walang batas na sinusunod kundi ang pagkamit ng tagumpay. Kung sabagay, depende ito sa adhikain o layon ng kompetisyon.

Mayaman ang dokumentasyon hinggil sa taktika at estratehiya ng labanan sa pagkamit ng anumang hinahangad. Mula pa sa *Arte ng Digmaan* ni Sun Tzu hanggang sa *The Prince* ni Nicolo Machiavelli at mga turo ni Clausewitz, lahat ng paraan ay magagamit hanggang ito'y mabisa sa pagwawagi ng iyong panig. Pinakamahalaga ang pagkakasangkapan ng linlang, lansi, lalang, panloloko, bitag, at patibong. Walang dudang sinalamangka ni Don Hasinto ang pagsunggab kay Lusia na mistulang usa o hayup na tinudla. Sinomang sanay sa pagkukunwari, doble-karang kilos,

pagsisinungaling—sa madaling sabi, sa metodo ng pandaraya—ay makalalabis sa kalaban na magpagtiwala, mangmang, o madaling malansi't masilo.

## PAKIKIPAGTIPAN SA KATOTOHANAN: SAAN AT KAILAN?

Nakasentro ang naratibo sa etika at politika ng pandaraya sa ugnayang panlipunan. Ang personal na pakay (halimbawa, ang nais ni Don Hasinto) ay maipapakahulugan na mithiin o adhikain ng grupong kinabibilangan ng bawat mamamayan sapagkat walang kilos o galaw na nagtataglay ng katuturan o kabuluhan tiwalag sa sosyedad na sinapupunan ng halaga at kahulugan na katangian ng kultura ng anumang komunidad. Kung ang katotohanan ay nag-aangkin ng iba't ibang mukha, sanhi sa iba't ibang punto-de-bista ng dalumat sa kaniya-kaniyang lugar at panahon, masasalat ba at matatarok ito sa kasaysayan—ng lahi, pangkat-panlipunan, o indibidwal? Ito ang masaligutgot na tanong ng mga pilosopo tulad ni Paul Ricoeur (1965). Hinimay ito ni Aguilar sa pagtalakay sa ambiguwidad ng pamana ni Don Hasinto (ang kaniyang ginawang gahasa, at inulilang anak ni Lusia) at ng magkakambal na interbensiyon nina Pedro at Dimas-Ilaw (magkapatid sa diwa at saloobin) sa huling bahagi ng nobela.

Sa ating kasaysayan, madaling kumagat sa pain ng "Benevolent Assimilation," politikong plataporma ni McKinley, si Aguinaldo. Makikita ito nang ideklara ni Aguinaldo, sa Proklamasyon ng Hunyo 12, 1898, at Abril 19, 1901, na ang kasarinlan ng bansa ay pinapatnubayan ng soberanyang lakas ng Estados Unidos (Agoncillo & Alfonso 1967, 275). Di kalaunan, nahulog din si Aguinaldo sa patibong nina Dewey, mga Heneral Merritt, Arthur MacArthur, at Otis, at naisuko ng Espanya ang Maynila sa tropang-Amerikano noong Agosto 13, 1898.

Isa pang ebidensiya ng pagkabihag sa tuksong imperyalista ang mababanggit. Sa pakikipag-usap sa Schurman Commission, kumagat sa magayumang alok ng "autonomy" ang mga kunwa'y makabayang kinatawan ng Republika: sina Pedro Paterno, Felipe Buencamino, Severino de las Alas, Pardo de Tavera, Leon Maria Guerrero, Florentino Torres, na bumuo ng Asociacion de Paz. Dagling naging Partido Federal ito na naglayong isuko ang buong kapuluan sa Estados Unidos. Kasapi sa mga *Americanistas* ang

mga ilustradong kolaborador tulad nina Teodoro Yangko, Benito Legarda, Cayetano Arellano, Baldomero Roxas, atbp. (Constantino 1975, 232-39). Ito ang pangkat ni Don Hasinto, ng pamilyang Perez, at ang prinsipalya ng Balingkahoy at Dapdap.

Hindi nagtagal ang pagkukunwari ng mga prinsipalyang kasabwat ng Amerika. Nagpatuloy ang mabagsik at malupit na pagsugpo sa rebolusyon hanggang sa pagbitay kina Macario Sakay at Lucio de Vega, mga opisyal ng Republikang Tagalog, noong Setyembre 13, 1907. Nagpatuloy pa rin ang mga maka-sektaryanismong kilusan hanggang 1911 sa pagkapaslang sa huling lider ng Dios-Dios sa Samar. Dahil sa rubdob at tindi ng rebolusyonaryong damdamin, napilitan si Taft na ilunsad noong 1903 ang pakanang "Philippines for the Filipinos" (kaagapay ng programang pampensionado at paglaganap ng Ingles sa sistema ng edukasyon) pagkaraang ipasa ang Cooper Act ng 1902 na magtatatag ng Asamblea ng Pilipinas, ang mababang kamara ng lehislatura, sa ilalim ng Philippine Commission na kontrolado ng Estados Unidos. Dito na nag-umpisa ang paggamit ng sistematikong pandaraya't kasinungalingan sa burokrasya at pangmadlang komunikasyon.

Upang makuha ang damdamin at kaisipan ng mayorya, ginamit ng mga ilustrado at kasapi ang islogan ng independensiya. Parang gayuma sa nililigawang sambayanan, kaakit-akit iyon tulad ng kayumangging ganda ni Lusia. Ipinagtapat nina Quezon, Osmena, at kapanalig sa Partido Nacionalista, kina Gov. Forbes at Gov. Smith, na isang paraan lamang sa eleksiyon ang kanilang paggamit ng islogang "kagyat na independensiya" upang makakuha ng boto (Constantino 1975, 322-325; Agoncillo 1974, 26-27). Ang pagkukunwari, pagsisinungaling, at oportunistang asal ng mga partidong lumahok sa eleksiyon ay bunga ng hangaring mapanatili ng oligarkiya ang pampolitikang kapangyarihan nila na nakasalig sa pribilehiyong pang-ekonomiya. Ginamit ang pag-amuki sa sambayanan na maghintay, magpasensiya muna sa kaapihan, patuloy na sumunod sa Amerika, upang makamit ang kasarinlan sa hinaharap. Ngunit hindi mabili ng mga traydor si Lusia, at ang bayan, na muling naghimagsik sa Colorum at iba pang pagtutol, at lalo na sa karugtong nitong insureksyon ng Sakdalista at Huk.

Puna ni Amado Guerrero sa usaping ito ng pagsilo at pagsasamantala sa bayan: "Nang matantong mismong ang mga kolonyal na

opisyal na Amerikano ay ayaw na ayaw na maging estado ng Amerika ang Pilipinas at pinakananais naman ng sambayanang Pilipino ang pambansang kalayaan at demokrasya, binago ng mga garapal na taksil ng Partido Federal ang pangalan ng kanilang partido at tinawag itong Partido Progresista, itinaguyod nila ang 'kasarinlan' matapos daw na maipakita ng sambayanang Pilipino ang kanilang kakayahang 'mamahala sa sarili' " (1971, 47).

Sa pamamagitan ng islogang "kagyat, ganap at buong kasarinlan"ay lubusang nanalo ang Partido Nacionalista sa papet na eleksiyon. "Maganda sa pandinig ang islogan, ngunit ang mga bagong traydor ay masahol pa kina Tavera at Paterno: ipinangalandakan nila ang "mapagkanulong palagay na maaaring ibigay ang tunay na kasarinlan" sa "mapayapa at maluwag sa loob"(1971, 48). Ganito rin ang nangyari sa Balingkahoy at Dapdap na nagtamo ng paternalistikong biyaya mula sa mga magulang ni Don Hasinto.

## ALEGORYA NG PALAISIPAN

Lumapag ang matinding krisis panlipunan nang magapi ang Republika ng Malolos. Nabiyak ang kaisahan ng kaluluwa at katawan; nahati ang damdamin at kaisipan. Nalusaw ang mahigpit na pagsasanib ng sinabi at ibig ipabatid. Lumabo ang daloy ng talastasan at komunikasyon. Ang unang lambingang diyalago nina Pedro at Lusia ay nagtatampok ng problema ng wika o salitang ibinahagi sa pag-uusap. Mapagkakatiwalaan ba ang sinasabi ng isang tao sa harapan, sa publiko, na iyon ay katunayan? Paano natin masusukat ang intensiyon o motibasyon ng nangungusap sa kaniyang sinasalita? Anong pagsusulit ang kailangan upang magagap ang katotohanan sa pang-araw-araw na kombersasyon?

Sa dalumat ni Lusia, si Pedro ba ay matapat, taos-puso, mapagtitiwalaan? Paglimiin ang ambil ng kanilang usapan, ang iba't ibang rehistro ng tono ng boses:

> - Patay nga naman o himala ang hindi umibig, ang sabi ng binata.
> - Nakatutuya yata kayo—ang sagot ng dalaga.
> - At bakit po?
> - At hindi ba pagtuya ang inyong sinabi?

- Kung di sana katotohanan.
- Katotohanang ano? (Aguilar 1911, 8)

Masisinag ang problema sa pagsipat sa konteksto ng diskurso. Gunitain na ang pambungad ng pagpapalitan ng mga salita, na biglang naputol nang sunggaban ni Pedro ang nakatagong ahas na nagtankang puminsala sa isang babaeng pesante, ay pahiwatig na ang papel na ginaganap ng wika/salitaan ay itinatakda ng kilos, gawa, o aksiyon ng mga taong kasangkot sa sitwasyon. Hindi maihihiwalay ang senyal o senyas sa intensiyon, sa matris ng pagsasatinig nito, sa praktikang nakadawit roon . Si Pedro ang papatay sa ahas na nabunyag—isang himaton o palatandaan ng hinaharap—ang kaniyang pagsingil sa utang ni Don Hasinto. Siya ang magiging tagatubos ng napariwarang puri, ng naisanlang birtud. Sa ngayon, ipagpaliban natin ang suliranin ng kahulugan at idako ang isip sa mga protagonistang pinagagalaw ng balangkas ng mga itinalang pangyayari.

**ANG KASIKE-KABALYERO SA BINGIT NG BANGIN**

Nagkaroon ng guwang o bitak ang pagkatao ng mga nahimok ng mga bagong panginoon. Anong uri ng tao si Don Hasinto? Anong kalagayang panlipunan ang pinagmulan niya? Ilang ulat sa kabihasnang nabulid sa krisis ang dapat ikintal sa dalumat. Umpisahan natin sa panginoong may-lupa na susi ng trahedya rito. Sa perspektibo ng kasaysayan ng bansa, si Don Hasinto ay bukal sa repormang dulot ng kolonyalistang administrasyon. Minana niya ang kaniyang yaman. Pinasinayaan ang Asamblea noong Oktubre 1907 na binubuo ng mga katutubong komprador, kasike, mestizong negosyante, burokrata-kapitalista, petiburgesyang propesyonal (abugado, parmasyutiko, edukador, artesano, atbp.).

Patuloy na mas mahigit ang impluwensiya ng Philippine Commission ng mga Amerikano—na tumagal ito hanggang Jones Law ng 1916. Sagisag ng awayan ng ideolohiyang independista at federalista ang pagkakaroon ng dalawang Resident Commissioners sa Washington: sina Manuel Quezon at Benito Legarda noong 1911 (Agoncillo and Guerrero 1970, 335-337). Hati ang sentimiento ng oligarkya alinsunod sa patakaran ng mananakop. Dagdag dito, ang "Filipinization" ni Taft ang tumalab sa saray ng gitnang-uri, na nagpalakas sa uring komprador na sumupling sa

hasenderong pulutong na sadyang uusisain ni Aguilar sa 1927 nobelang *Ang Lihim ng Isang Pulo* at titimbanging maigi't ibubulgar sa 1951 nobelang *Kaligtasan* (tungkol sa pangkalahatang sitwasyon ng sining sa kolonya, konsultahin si San Juan 2019). Samantala, ang *Nangalunod* ay matingkad na dula ng salpukan ng uring cacique/komprador at manggagawa na dating pesanteng naging "trabahador" sa lungsod. Nagmula sa nabuhaghag at naitaboy na uring pesante ang mga obrero sa kalunsuran.

Dagdag pa, ang salaysay dito ay magsisilbing imbentaryo ng metamorposis ng diwang mapanghimagsik ng kanayunan na sandaling nanlupaypay sa pagkasugpo ng labi ng tropa ni Sakay. Mahihinuha na unti-unting bumabangon iyon sa pagsalikop ng makabagong intelektwal (Dimas-Ilaw) at trabahador (Pedro) na nagsapalaran sa paghahanap-buhay sa kalunsuran.

Si Don Hasinto ay halimbawa ng unang "absentee landlord." Malimit siya sa Maynila, nagumon sa masarap na aliwan ng mga kauri at bayarang kalunya. Ang kabalyerong nais kamkamin ang gubat sa paanan ng bundok ay siya ring mangangasong nais sumilo't bihagin ang dalagang marilag, si Lusia, na inilarawan ng naratibo na "kulay kayumanggi." Pang-akit-puso dahil sa katamisang taglay, kulay na anak ng liwanag at dilim kaya maringal at kahanga-hanga… kasabikang makapagpatid-uhaw sa batis ang iyon na may tubig na dalisay. Pananabik sa udyok ng kagutuman niyang parati sa lahat nang nababagong aliw (Aguilar 1911, 39). Sumasagisag sa kalikasan, ang dalagang napili ng kasike ay nais gawing laruan, pansamantalang tukso ng kasiyahan kung siya'y nagbabakasyon sa nayon.

Kay Pedro, si Lusia ay sagisag ng malusog at dalisay na birtud ng kalikasan. Nagpapaalala siya ng ngiti ng Birhen sa simbahan. Para kay Don Hasinto, kung saan ang buhay ay pagkilos at pagpupunyagi sa sariling kapakanan, si Lusia ay hamon, isang target ng pagkalalaki. Dahil sa pag-aaring pilak, masusunod ang lahat ibigin. Datapwa't kung babae ang kasama, susunod si Don Hasinto sa payo na unang ginawang eskandaloso ni Nietzsche, "Kung kasama ang babae, huwag mong kalilimutan ang pamalo" (1911, 34). Pakiwari kong ang opinyon ni Nietzsche ay ikinalat ng mga Espanyol sa Filipinas, isa na rito si Miguel de Unamuno . Tandisang katumbalikan ng kabalyero ng Siglo ng Renaissance, na nagpupugay sa birtud ng dangal ng babaeng pinipintuho, ang asta ni Nietzsche. Kontra-

patriyarko ang susog ni pilosopong Agnes Heller: "…The honourable man is not someone singled out by fate, but a person who is free of all prejudice and who, knowing nature and his own nature, rationallly cultivates the natural goodness in himself…Being true to ourselves is a pre-requisite if we are to be good towards others; spiritual calm is not a goal in itself, but a starting-point for activity" (1978, 135-36). Umaalingawngaw ito at sumasaliw sa mga aral at paninindigan ni Dimas-Ilaw at ang kaniyang disipulo, si Pedro.

Salungat sa modelong ito si Don Hasinto. Nagambala't nasindak ang uring maylupa sa bagsik ng Katipunan at rebolusyonaryong sigla ng magbubukid at inaping katutubo. Balisa, parating hindi busog o kontento, humahanap lagi ang kasike ng pagkakataong mapatunayan ang kaniyang kakayahan at kapangyarihan. Wala nang likas na birtud ang panginoong maylupa, giyagis sa pagkaalinlangang masakyan ang krisis, nag-isip at nagbantang patunayan ang pagkalalaki. Di sinasadya, natukso sa anyo ng mahinhing Lusia. Nagpasiyang subukin ang nalalabing lakas na minana sa magulang na noon pa ma'y depende na sa tulong at katapatan ng mga pesante tulad ni Goryong Dupil, na nagligtas sa kanila. Samakatwid, ang gahasang isinakatuparan ni Don Hasinto ay sintomas ng paghina at pagbagsak ng kapangyarihan ng ilustrado-prinsipalya, at paghalili ng uring anak-pawis, ang vengador ng kalikasan at rebolusyonaryong tradisyon ng Katipunan.

## PAG-IKOT NG TRAHEDYA SA SALAYSAY

Huwag akalain na ang protagonista ang pinakamahalagang sangkap sa nobela. Hindi. Sapagkat nakaugat ang mga tauhan sa balangkas na krusyal sa pag-unawa sa katangian ng partikular na dilema ni Pedro. Naimungkahi sa una na pinakaimportanteng sangkap dito ang balangkas ng mga pangyayari—ang *mythos* ni Aristotle. Sa modernistang kritisismo, ito ang istorya o *fabula*, binansagang *mimesi*s ng karanasan na mailalahad sa pagsusuma ng mga nangyari (Mojares 1983, 229-36)—ibig sabihin, salaysay ayon sa kronolohikang pagkakasunod-sunod sa tunay na realidad. Iba ang tinaguriang *plot* o balangkas. Ang *plot* o *sjuzet* (panukala ng mga formalistang Ruso) ay pag-aayos ng mga pangyayari alinsunod sa isang iskema ng diskurso. Binubuo ito ng eksposisyon, *peripeteia* o paglipat ng kahulugan sa kabilang dulo, *anagnorisis* o pagkilala, *pathos* o mapagliming pagdaramdam, at *denouement*. Hindi kailangang magtaglay ang akda ng lahat ng sangkap

na ito. Sa araling *narratology*, tawag dito ay *diegesis*, aktwal na pagsasalaysay (Genette 1980), na nilagom sa unahan.

Sumunod si Aguilar sa disenyo at ulirang paghulma ng balangkas na naimuwestra ng mga Kastila at taga-Europang manlilikha. Bukod kina Cervantes, Balzac, Hugo, Zola, Dickens, atbp., tanyag na naging huwaran din ng sining ni Aguilar ang mga malamang akda nina Valeriano Hernandez Pena, Lope K. Santos, Inigo Ed. Regalado, at iba pang kapanahong manunulat. Naisusog din ni Fausto Galauran na sa makabagong nobela, "ang galaw o aksyon ang nakapamamayani at nawala ang mahahabang salitaan… upang tuwirang mailarawan sa guniguni ang likas na kaanyuan at galaw," sa masining na paraan (1992, 192, 218).

Naimungkahi rin ni Regalado na dapat isaalang-alang ng mga manunulat na "ang taong bayan natin ay naghihintay ng mga simulai't palatuntunan sa pamumuhay at pamamansin na ibinibinhi sa kanila ng mga manunulat," ngunit sa kasamaang-palad, ang idinudulot ng maraming awtor ay libangan at aliw (na hanap ni Don Hasinto), hindi simulain at panuntunan (2013, 175). Ang huli ay tutugunin ni Dimas-Ilaw, ang pantas na sasaway at magbibigo sa pagmamalabis ng mga naghahari at walang-awang pagyurak nila sa dignidad ng anak-pawis at karapatan ng karaniwang mamamayan.

Isang proyekto ang isasakatuparan ng nobela. Iyon ay tugon sa pinapangarap ni Regalado. At sagot din sa formalistikong problema: Paano mahuhubog ang diskurso upang mangyari ang di-maiiwasang engkuwentro ng uring komprador-cacique at manggagawa-pesante? Paano maitatanghal ang tadhana ng bulok na sistema sa gitna ng gumigising na kamalayan ng sambayanan? Sa madaling salita, paano makakamit ang katarungan at pagkakapantay-pantay, ang paggalang sa dangal ng bawat tao sa gitna ng sigalot ng bakbakan ng mga alipin at panginoon?

Naipahiwatig ko na ang burador ng mga temang nasalamin sa dalawang protagonistang lalaki. Tatlong hakbang ang nasunod sa paghabi ng praktika ng pagsasalaysay na natukoy sa pagtalakay sa paksa ng balangkas: una, inakit si Don Hasinto ng mapanghalinang anyo ni Lusia na pumukaw ng masidhing kasabikan. Napagpaliban sa naratibo ang tangkang paggahasa, samantalang nakapagpalagayang-loob ang magkasintahan (Pedro at Lusia) at dahil sa kasunduan, napilitang lumuwas sa Maynila ang binata sa kakulangan ng mapagkikitaang hanap-buhay sa kanayunan. At

alinsunod sa mithiing magsarili, binalak ni Pedrong makapag-ipon ng sapat na salaping kailangan upang matustusan ang kanilang pangangailangan sa pag-iisang-dibdib.

Sumalisi sa pagluwas ni Pedro sa lungsod ang pagkawala ni Don Hasinto sa Balingkahoy. Pangalawang hakbang ito. Payapa ang kanayunan, tahimik ang tahanan ni Goryong Dupil. Nakapaglakbay si Don Hasinto sa Hapon at bumalik upang isakatuparan ang personal na tangka (kapwa tulak ng makamundong pagnanasa at kapitalistang hangad na umunlad ang kinakalakal na lupain). Nangyari ang paglapastangan kay Lusia. Nagluksa ang kanayunan, panahon ng taglagas at taglamig, naghihintay ng puwersang gaganap sa seremonya ng sakripisyo upang maipanumbalik ang sigla at pag-asa ng kanayunan. Sumasabay kaipala ang takbo ng salaysay sa ritmo ng kalikasan.

Pangatlong hakbang ang naisagawa. Mula sa karanasan ni Pedro sa trabaho at pakikipag-ugnayan kay Dimas-Ilaw, nagbago ang pesante. Natutong magnilay-nilay sa katayuan ng sarili bunsod ng lumawak na kabatirang panlipunan. Handa nang singilin ang "utang" ni Don Hasinto kapalit ng kaniyang buhay. Bumalik ang sagradong espasyo/sandali nang maipagdiwang ang memorya ng mga kaluluwa ng mga ninuno at maikintal ang halaga ng mundong labas/tiwalag sa dominasyon ng salapi, inilalakong produkto, komodipikasyon. Naisakatuparan ang balak ng paghihiganti, dumanak ang dugong maghuhugas sa kasalanan. Taliwas sa katarungang nailapat, sa katotohanang naipagbunyi, pinagpugayan ng madla ang nasirang cacique at ang kaniyang madugong pagbabalat-kayo.

Tumatambad na walang pagkatuto ang madlang inaalipin—salamat sa batas at mga opisyal ng pamahalaan, nakasadlak pa rin ang mayorya sa piyudal na pagkalugmok. Mabagal ang pagbabago, masalimuot ang pagtanggal sa mahigpit na kontrol ng tradisyon, bagamat sa paglipat ni Dimas, may babalang maghuhunos ang ugali, saloobin at pagtanaw-sa-mundo ng taga-Balingkahoy. Ebidensiya rito ang mga tsismis, sawikain, kuwentong-bayan, at haka-haka ng mga etsa-puwerang dumadaloy sa lansangan at sulok ng mga tahanan, mga simbuyong magsusudlong sa pribadong karanasan at publikong sentido-komun. Lumilihis iyon sa awtoridad na opinyon ng pribilehiyadong minorya at bilasang institusyon.

Paglipas ng paniningil sa paraan ng dagok ng higanti, susunod ang pagtimbang at pagtanto sa bagong kaayusan. Kaakibat ng pag-inog ng martsa ng tadhana, mula sa maligayang situwasyon ng pamilya ni Goryong Dupil at ni Pedro hanggang sa kahihiyang umabot sa kanila ng magdalang-tao si Lusia, maiuusisa: bakit hindi naibunyag ang lihim—halimbawa, ang mukhang balakyot ni Don Hasinto—bagamat sa tsismis, higing, bulung-bulungan, hindi si Pedro ang bumuntis kay Lusia? Ano ang pahiwatig nito—na tila may-sala ang buong nayon na ayaw nilang aminin? Maimumungkahi na sa kapabayaan o kawalang-respeto sa sarili, naisakripisyo ang puri at dangal ng kapuwa? Sino ang mananagot? Lumilitaw na ipinaubaya na lamang kay Pedro ang paghihiganti, na hindi magawa ng mga biktima, at siya ang inihandog na *scapegoat* o sakripisyo sa altar ng nagdurusang komunidad.

## ANAGNORISIS: PAGTUKLAS AT PAGKILALA

Sa tulong ng agham ng albularyo, nabasa ang kahulugan ng mga palatandaang itinambad ng katawan ni Lusia. Ang katutubong manggagamot ay katuwang ng kalikasan ng katawan sa pagbunyag sa nakubling katotohanan. Lumilitaw na ang modernong estilo ng identidad ay mapangligaw, sinungaling, nagtatabing sa tunay na kalagayan. Kailangang bukas-palad ang pandama at suriin ang kapaligiran upang matanto ang katotohanan.

Sa kahinugan ng panahon, mapipitas ang katunayan. Hindi na maikakaila ang stigmata ng pagdadalang-tao ni Lusia, gaano man itago iyon. Wangis sa parodiya ng paglilihi ng Birhen sa Bagong Tipan, ang kalagayan ni Lusia ay pagpapalabas ng katotohanan upang mapanood ng madla. Naging paksa siya ng bulong-bulungan, anasan, dasalan. Naikumpisal ng katutubong manggagamot ang tunay na "sakit" ng "dalagang anak" sa ama, na nagtangkang gumawa ng kaniyang "ikamamatay." Humadlang ang asawa, huminahon, nagpatuloy ang kapayapaan. Upang mabuhay, mag-asal na patay—islogan ng esklabong tututulan ni Dimas-Ilaw at ng kaniyang alagad, si Pedro. "Sangguniin natin" ang kuro-kuro ng ilang pilosopo upang mailawan ang makulimlim na suliranin ng paghihiganti at ang etika/politikang sinasangkalan nito sa kasaysayan.

Ang lihim na kung sino ang gumahasa kay Lusia di umano'y batid na ng lahat. Hinalang laganap na may taong lumabag sa sagradong posisyon ng birheng kasuyong ipinangako na. May sumira ng pangako, ng kasunduan, na dapat iwasto. Hinintay ang pagkaalam ni Pedro, ang kaniyang makonsiyensiyang pagpapasiya, at paggalang sa espiritu ng magulang (naging tahanan niya ang sementeryo kung saan nakaburol ang mga ninuno ng bayan). Naging representatibo siya ng kabihasnan na sumusuob sa dangal at puri ng tao na lumilikha ng tulay na nagdurugtong ng kahapon, ngayon, at kinabukasan—ang layon mismo ng balangkas ng nobela.

Maimumungkahi ng iba na tinatawag ni Pedro ang mga laman-lupa, mga engkanto, wika nga, nang siya'y magdasal sa harap ng libingan ng magulang. Hindi. Ang mga ninuno ang *totem* o animistikong simbolong koneksiyon ng mga bathala at makapangyarihang espiritu ng sangkatauhan. Ang tahanan ng mga namatay ay sagradong hukom ng mga kalakaran sa ibabaw ng lupa. Kaipala'y iyon ang batis ng katuturan ng buhay, sinapupunan ng tradisyon ng mabuting pakikitungo't makatarungang pakikisama, ng kagandahang-loob at kaganapan. Iyon ang pugad ng dangal at puring hindi mapapawi. Ang kolektibong kabuhayan ay siyang relihiyon o pananampalataya ni Pedro, ang makatwirang kamalayan ng malayang sarili na binansagang *Spirit/Geist* ni Hegel sa kaniyang pilosopiya (Taylor 1996, 23-31).

Sa harap ng libingan ng mga magulang, kinausap ng maituturing na saserdote ng sakripisyo ang mga espiritu at itinugma ang sarili sa atmospera ng kapaligiran:

> "Buhat diyan sa bayang payapa ay igawad ninyo sa akin ang maagap na pagpapatawad"—ang kanyang ibinulong. Malinis ang aking budhi at di pinamumugaran ng maitim na adhika. Sa paghihiganti kong gagawin ay inuudyukan ako ng lumuluhang matwid na inapi, dinusta at hinamak ng isang tampalasan—at pagkasabi nito'y matagal na napatungo, pikit ang mga mata at tila nagkukuro ng mataos….
>
> Nang makaraan ang ilang sandali ay pinukaw siya ng malungkot na kahol ng isang aso. Malamig na simoy ng

> amihan ang buhat sa silangana'y nagpapagalaw sa nangagtungong dahon ng aguho.
>
> Si Pedro ay nagtindig. Pinaspas ang tuhod at tumingin sa langit. Sa dakong sikatan ng araw ay unti-unting umaahon ang isang kaayaayang tala, parang babaing magandang babangon sa kanyang hihigang ginto (1911, 250-51).

Walang pasubali na sang-ayon ang kalikasan sa intensiyon ni Pedrong itindig ang puri ni Lusia. Itataguyod din niya "ang banal na katwirang huwag ipaapi ang pagkatao." Mula sa partikular na dahilan, umangat sa unibersal na palapag—sa saray ng "Categorical Imperative" ni Kant—na kasangkot na ang sangkatauhan. Lumipat na sa walang sukat na lunang transendental. Bagamat binitay si Pedro ng Estado at Simbahan, panatag at masaya ang loob niya at pinasalamatan siya ni Lusia. Buhay siya sa mga talinghagang kasabihang ipinamahagi ni Dimas-Ilaw. Sa katunayan, inkarnasyon si Dimas-Ilaw ni Pedro, ang tagapagtanggol ng Birhen at mga bathala ng kalikasan na patuloy na nilalapastangan ng mga kasike at kapitalistang ganid.

## PAG-IGKAS NG KASUKDULANG PANANABIK

Mabilis at hindi masyadong binurdahan ang okasyon ng pagsasamantala kay Lusia ni Don Hasinto. Litaw na nasilungan o nakubabawan ang puri ng babae ng kapusukan at karahasang mapagsamantala. Inakala ng ibang komentarista na ang ganitong katampalasanan ay sanhi ng hangaring pagpapakabata o pagnanasa ng ibang nakatutuksong aliw (De Vera 1982). Bukod dito, sa pagkainip sa nakayayamot na karaniwang gawain, humahanap ang mga kauri ni Don Hasinto ng kalugurang balakyot at pambihira. Di pa sapat ang maraming kalunya o kalaguyo niya sa Maynila; kailangang mapasakaniya ang dalagang-bukid na natatangi. Naigiit ko na sa simula na ito ay sintomas ng kabulukan at karupukan—"karuwagan," bintang ni Lusia—ng uring kasike-komprador, ng buong oligarkyang ipinagkanulo ang integridad ng bayan.

Maraming kontradiksiyong masusumpungan sa larawan ng protagonistang naikintal. Nang bumalik si Don Hasinto mula sa Hapon,

naipahayag niya ang etika ng panlasa, kung saan ang babae ay hindi lang katawang pisikal kundi mikrokosmo ng isang partikular na kabuhayan, isang *ethos.* Isinaisantabi niya ang komersiyo o patubuang motibo na saligan ng prostitusyon. Sa pulutong ng mga kaibigan sa barkong kinalulunan niya (kung saan nasilip siya ni Pedro habang naghahakot ng mga dalahin), naipagmalaki niya ang pakikisalamuha sa mga *geisha.* Dalawang bagay ang natutuhan niya sa Hapon: ang halaga ng lupa at pagsasaka [na di niya natutuhan sa kaniyang mga magulang] at "napakatamis ang paglasap ng aliw" (1911, 144). Tahasang Epikuryanismo, hindi Stoicismo, ang prinsipyong ipinagpugayan niya.

Sa hikayat ng kaniyang kasalong kaibigan, ikinumpisal rin ni Don Hasinto na higit sa marikit na *kimono* at mga palamuti ang lahat na ipinagiging kawiliwili ng *yosiwara*—ang mga inarkilang babae—ang kanilang pakikitungo sa kliyente:

> Ngunit ang lalo niyang ikinalulugod ay ang kaalamang makipagkapwa ng mga geisa. Parang sila'y labas sa lalong bantog na mga paaralan, na sa anomang gawi't kinakakitaan ng mga katangiang lalong nagbibigay dingal sa kanila.
>
> Sa piling ng isang geisa, na maitutulad sa isang maselang na sampaga, ang mga sandaling nakalilipas ay di matututunang kahinayangan ng kahit sino. Mangyari sa piling nila ay nalalasap ang tunay na aliw at nalalagok ang masarap na tubig ng kabuhayanan.
> At sa kasarapan ng mga sandaling naidudulot nila sa sinomang palaring maging panauhin ay masasabing wala ano man ang halagang kanilang sinisingil (1911, 137-48).

Walang halaga ang salapi sa mayamang kustomer, ang ibig ipahiwatig. Bumaling tayong dagli sa dalawang okasyon ng pagwasak sa puri ni Luisa. Nalinlang ang mag-anak ni Goryong Dupil. Kahit hindi man siya talagang kaaway, kinasangkapan ni Don Hasinto ang sining ng digmaan sa pagsakmal kay Lusia: "Warfare must be viewed as a matter of deception, of constantly creating false appearances, spreading disinformation, and employing trickery and deceit" (Sawyer 1994, 136). Ginantimpalaan na sila

ng mataas na sahod at iba pang pabuya. Kaya napahinuhod ang asawa't anak ni Goryo, itinuring na ang pagtulong nila sa nagkunwaring may-sakit ay "buntuhan ng kalahat-lahatang paglingap na kayang ipamulaklakin sa kanilang mga puso" (1911, 176)—kalagim-lagim na maling akala na nagtulak sa pagkabulusok nila sa bangin.

Tunay nga na ang sakit ni Don Hasinto ay hindi pagkukunwari. Ito'y sakit ng kolonisadong lipunan, partikular na sakit ng oligarkyang taksil sa sambayanan bagamat nagmamalaking sila ang tagatangkilik ng kapakanan ng bansa. Tiyak na hindi malulunasan ang sakit ng kalooban at kaisipan ng karaniwang gamot; kailangang tistisin, busbusin, bulatlatin upang maibilad sa madla (tulad ng nabanggit ni Rizal sa pambungad ng *Noli Me Tanger*e) at humimok ng lunas. Sa malas, ang sakit ay isang salot o pesteng malulunasan lamang ng madugong himagsikan.

## RUMARAGASANG BUHAWI SA NAYON AT LUNGSOD

Dumating na tayo sa sakunang naging puyo ng suliraning sinuyod natin. Sa Kabanata XI, ang punto-de-bista ay si Lusia, ang biktima, hindi ang *connoisseur* ng mga *geisa.* "Bigla, wala man lamang pahiwatig ang pagkakagahasa ni Don Hasinto kay Lusia." Inalok ng pilak, tumanggi ang dalaga, humingi ng paumanhin: "Hindi ko lamang mapaglabanan ang nais na mapaakin ang iyong kagandahan." Inalok na aalagaan siya, tumanggi ang babae, at sa tugon naibuod ang tema ng tunggalian ng uring panlipunan na nakalakip sa alegorikong adhikain ng nobela. Ito rin ang hatol sa paglilihim, sa lohika ng pagkukunwari't pandaraya ng uring nagsasamantala: "Kayo ay di ko maiibig pagka't may kasintahan na ako, at ako nama'y hindi rin niyo maiibig dahil sa alangan ang aking uri, kaya ang pagsamantala ninyong ginawa sa aking kahinaan, ay isang kaduwagang malaki" (1911, 179). Huwag masindak: hindi matapang ang panginoon kundi duwag—bulalas ng biktima. Inihudyat ng napinsala ang karampatang tugon sa pandarahas: ang tapang at walang-habag na balaraw ni Pedro.

Samakatwid, ang paggahasa ay hindi udyok ng libog kundi pagdakila sa dahas ng mayamang panginoong may-lupa at negosyante. Hindi makatwiran ang awtoridad ng malupit na pamahalaang kumakandili sa uring mapagsamantala. Sa malas, erotikong hibo ang nasalikod ng gahasa.

Sa masinop na pagkilatis, bunga iyon ng aristokratang *hubris*, kayabangan o pagkapalalo. Sintomas ng walang tiwala sa sariling kapasiyahan at pagkatao. Ipinaalam na sa atin ng tagapagsalaysay ang kalooban ng kasike: "Wala siyang inaaligata kundi maingatan ang ganang kanya…Madalas ngang sa ikabubusog ng kanyang kasakiman sa yaman ay ginagamit ang panggaga, ngunit ito kung nababalabalan ng pagkukunwari ay tinatawag na kabanalan…Palad niyang talaga ang magtamasa. At yamang ito ang iniaatas ng tadahana, ay ano't magtitimpi?" (1911, 30, 32). Samakatwid, kay Don Hasinto, ang patakaran sa buhay ay paninibasib ng lobo-laban-sa-lobo: "…may mga kakaning talaga at may tagakain naman" (1911, 40).

Sa punto-de-bista ni Thomas Hobbes at mga pirata ng unang yugto ng *booty capitalism*, hindi kataka-taka ang atitudo at asal ni Don Hasinto. Subalit sa lente ng Kristiyanong moralidad, iyon ay ubod ng kasamaan. Halimbawa, ayon kay John Scotus Erigena, ang teologong iskolastiko, iyon ay bunga ng baluktot na pagnanais, ng sakim na pagnanasa. Ayon kay San Agustin naman, ang kasamaan ay kawalan ng kabutihan, produkto ng salaulang kagustuhan na dumadakila sa sarili at makamundong bagay, kaya bagamat nakahanda ang Diyos na iligtas ang lahat, hindi maitatatwa na umaapaw sa kasamaan at kabuktutan ang lahi ni Adan, na nakukulong sa Siyudad ng Tao kasalungat sa Siyudad ng Diyos: "Accordingly, two cities have been formed by two loves: the earthly by the love of self, even to the contempt of God; the heavenly by the love of God, even to the contempt of self" (sinipi ni Baker 1947, 165; konsultahin si Jed 1989).

Sa naratibong sinusubaybayan natin, ang siyudad ng Diyos ay nakaluklok sa loob ng maka-lupang lungsod. Isinumpa nga ang siyudad ni Don Hasinto na pugad ng makamandag na ahas at mabangis na barbarismong gawi. Umalis si Pedro doon, at sumunod si Dimas-Ilaw; sampu ng kapisanang pinapatnubayan ng kaniyang mga turo upang humimpil sa Balingkahoy na nilikasan ng salaulang panginoon.

Huwag tayong tumigil sa mababaw na repleksiyong maka-ideyalistiko—hindi espiritu o ginuguning kababalaghan ang nagpapainog sa mundo kundi ang kilos, isip, at damdamin ng komunidad. Bagamat mapamahiin ang mga agraryong populasyon, taglay din nila ang waning empirikal o maka-sentido-komun. Patibay dito ang albularyo, ang mga kapitbahay ni Goryo, at ang kamag-anak ni Pedro mismo. Palasak na

obserbasyon ito ngunit madaling makalimutan. Sa historiko-materyalistikong analisis, ang relasyong panlipunan ay pinaaandar ng produktibong lakas ng mamamayan na nagsusupling ng mga paniniwala o ideolohiyang magkasalungat—ng luma at bago, ng konserbatibo at progresibong tendensiya. Halimbawa na ang asal ng mga trabahador na kasama ni Pedro sa lansangan at sa daungan. Sa kontradiksiyon ng mga ideolohiyang ito, kaagapay ng kolektibong kilusan, nagbabago ang kaayusan ng lipunan at sumusulong ang praktika't dunong ng kabihasnan.

## KARNABAL NG MGA KONTRADIKSIYON

Patuloy ang digmaan ng mga uri ng bayang sinakop at imperyalistang mandarambong. Nang bumalik sa Balingkahoy mula sa Hapon at nasaksihan si Lusia nakaahon pa lamang sa paliligo, lumantad muli ang mapanghamig na hilig ni Don Hasinto: "Sayang na mga kayamanang iyon ng pagkababai kundi mapapakanya kahit sasandali…Kaya naman niya. Ganito ang kanyang sabi, ay sapagkat nababatid na kung sakasakali ay di napaghihirapan ang pagubos sa masarap na tubig na laman ng saro" (1911, 169). Walang taning ang pag-iimbot ng kasike/komprador sa pagkakataong naiguhit ng tagapagsalaysay.

Si Lusia ay katumbas ng kaniyang lupain, ani, hayup, at mga utusang mapagtutubuan o mapakikinabangan. Hindi naghunos-dili, si Lusia ay isang ari-arian lamang. Bukod sa pagkalugod sa metodong ginamit upang masilo ang "usa," ang paniwalang walang makahahadlang sa kaniyang salapi at kabantugan ang motibasyon sa walang konsiyensiyang pagbalewala sa ipinalalagay na "dangal" ng kabalyerong kasike (na dati'y may karapatan ng pagsiping sa bagong kasal, ang binansagang *jus primae noctis* [Brinton 1959, 203]). Hindi purong piyudal ang gawi ni Don Hasinto sapagkat komprador/kapitalista ang mabisang oryentasyon niya—lahat ay mabibili at mapagtutubuan, kung sakali. Sa huling pagtutuos, naging komprador-kapitalista na ang dating kasike, kinakalakal ang pananim, troso, kahayupan, at hilaw o sariwang likas-yaman ng sambayanan.

Natupad ang hangaring gawing isang obhetong natural si Lusia, kaiba sa mga Haponesang *geisha* o sa mga kalunya niya tulad ni Lusia. Walang pakialam sa konsekwensiya ng kaniyang ginawa. Puna ng isang iskolar: "In

war, and perhaps outside it, rape, by whatever mechanism, involves forced sex under circumstances that seem unconducive to the subsequent birth, survival and success of offspring" (Taylor 1996, 85). Anong kinahinatnan ng *hubris* ni Don Hasinto? Walang magpapatuloy sa empresa ni Don Hasinto; waldas ang ibinahagi sa Simbahan, at sasamsamin ng Estado ang ibang binubuwisan. Walang mamanahing lupain ang bastardong anak ng nasirang kasike. Pinangalanang Pedro sa pagdakila sa nagsakripisyong kasintahan, maipapalagay na himatong iyon sa kalidad ng lahing susunod sa kapisanan ni Dimas-Ilaw: sila ang magiging bagong tagapagligtas na bumangon sa burol ni Don Hasinto, ang kriminal na humalay kina Lusia at magulang, at ng salaring bumiyaya ng hustisya, si Pedro.

Sa huling pagtaya, ang pagyurak sa puri ni Lusia ay pag-alipusta sa dignidad ng sambayanang sinakop ng dahas ng mga tropa ng Estados Unidos. Isinadula ni Don Hasinto ang mahusay na pag-upat at pagrahuyo sa ilang piling katutubo na magpaubaya sa kagustuhan ng mananakop, at sa paglilihim, gamitin ang dahas kung hindi sasang-ayon. Nagkunwaring may sakit kaya napukaw ang awa ng mag-ina. Binalewala ang pagsagip ni Goryo sa kaniyang amang Kapitan Sinto. Walang saysay ang gunita, ang nakalipas, sa komprador-kapitalistang umaasa sa permanenteng paglaki ng tubo, hindi alintana ang krisis na darating.

Sa katunayan, walang limitasyon ang sakit na ugaling pag-angkin o pagkamal ni Don Hasinto, bagamat ang pagnanasang seksuwal ay itinuring na sakit sa Kanlurang mitolohiya nina Tristan & Isolde, at sa mga romansang piyudal (De Rougemont 1956, 62-69). Kahit ang kaniyang mga karanasan sa sayawan o pakikipag-usap sa kaniyang kalunya ay matamlay, malamig, walang kilig o tuwa—sintomas ng dekadenteng pagkagumon sa ilusyon ng salapi at poder na hindi makatatakip sa kahungkagan ng pagkatao ng kasike at karupukan ng sistemang kapitalista.

Sa kalaunan, nakapamayani ang doktrinang "ngipin sa ngipin," nahango sa *lex talionis* ng sinaunang sibilisasyon. Nakarating ang katotohanan kay Pedro na dala ng sulat ni Lusia na ipinagtibay sa kanilang pagniniig bago isakatuparan ng nabigong kasintahan ang pagsingil ng utang. Sina Pedro at Lusia ang gumamit ng sandata ng wika, kodigo ng makabagong komunikasyon at ng imperyalismong mananakop. Ngunit malapit sa mga kanayong hindi marunong bumasa o sumulat, si Pedro ang umakmang Tinig

ng Tagatubos na nagbabalang "Akin ang Higanti" nang salakayin niya ang personipikasyon ng kabuhungan at kabuktutan, si Don Hasinto. Iniakma niya ang sulatin sa minamahal, ang salitang naghahamon sa salaulang mapanghamak na panginoon.

## AGWAT NG BITAK, SA GILID NG BUTAS

Ang papel na ginampanan ni Pedro ay makatuturan sa pagkakabit ng hiwa-hiwalay na tagpo sa diskurso. Siya ang nagsilbing tulay na magdurugtong sa lungsod at nayon, ang mentalidad ng pesante at pangitaing unibersal ng proletaryado. Kailangang balik-aralin natin ang isyu ng lupain na susi sa karalitaan ng mayoryang magbubukid at pagkawalang-sanggalang nila sa bigwas ng kapahamakan at kahihiyan. Sa pagtatanggol sa karapatang-pantao, magkabalikat ang trabahador sa lungsod at pesante sa kanayunan. Pinagsanib ang dalawang porma-ng-buhay sa katauhang naghunos ni Pedro at sa mahiwagang paglipat ni Dimas-Ilaw sa lalawigan.

Bago magwakas ang unang dekada ng pananakop, isang batas ang nagtakda ng pagkapako ng bansa sa antas na ekonomiyang piyudal-agrikultural. Ito ang Payne-Aldrich Act ng 1909 (bagamat inilimbag noong 1911, natapos ni Aguilar ang nobela noong 1909). Ipinataw ang "free trade" kung saan pinayagang pumasok sa U.S. ang 300,000 tonelada ng asukal ng walang taripa, at sa kabila, libre ang maraming produktong yari sa Amerika na sadyang pumigil sa pagtayo't pag-unlad ng industriyang lokal. Sa gayon, naging suplayer ang Pilipinas ng murang materyales—asukal, abaka, kopra, atbp—at pamilihan ng manupakturang mamahalin. Lumaki ang pampulitikang kapangyarihan ng mga may-ari ng mga asyenda, ang mga negosyanteng propetaryo ng asukarerya sa Negros, Panay, Tarlac, at iba pang lugar. Sinunggaban din ng ilang korporasyong Amerikano ang San Jose Estate sa Mindoro. Tala Estate, Isabela Estate, at iba pang lupaing dating pag-aari ng mga prayle—ang Estate ng Simbahan (Pomeroy 1970, 205-10).

Lumago ang uring komprador na tagapamagitan na namahala sa pagluwas ng mga produktong may tiyak na quota: asukal, kopra, chromite, ginto, atbp—na ipinagbibili sa presyong mas mataas kaysa sa presyo sa merkadong global. Walang mabisang pagsulong ang nailapat sa pagtubo ng bigas at iba pang sangkap sa pagkain. Laging umaangkat ng bigas sapagkat

kulang. Binigyan-pabor ang paglinang sa *export crop*s: asukal, kopra, abaka, tabako, atbp. Walang pagbabago sa piyudal na relasyon sa kabukiran. Hindi nakabuti ang mala-repormang pamimili ni Taft ng 410,000 ektarya ng lupain ng mga prayle na walang pananim. Matigas na tumanggi ang mga Dominikano, Agustiniano, Hesuwita at iba pang orden na ipagbili ang kanilang Estate. Kakatwa nga, nakamkam pa ng Simbahan ang malawak na lupain at gusaling nasamsam ng mga rebeldeng kasapi ng Iglesia Filipina Independiente ni Gregorio Aglipay at Isabelo de los Reyes (Agoncillo & Guerrero 1970, 270-78).

Di naglaon, nagsikip at nagdahop ang kanayunan sa konsentrasyon ng lupain sa ilang pamilya o angkan. Sa kawalan ng oportunidad makapaghanap-buhay labas sa kaniyang pagpapastol, naitulak si Pedro na makipagsapalaran sa lungsod. Doon napalitan ang pangungulila niya, nakisalamuha't nakipagkapwa sa madlang trabahador sa alcantarilya, simbolo ito ng komersiyalisasyon ng kabuhayan. Kasalukuyang inilalatag ang sistema ng mga kalye sa Maynila upang mailunsad ang makabagong transportasyon; ang tren na sinakyan ni Pedro pauwi ay nagbadya ng kakaibang tanawin mula sa kamalayang nasanay sa dinamikong indayog at kalakaran ng buhay sa Maynila. Natuklasan sa pagdaloy ng pawis araw-araw ang kamalayang pansarili, kaakibat ng "kamahalan ng sarili." Nagkaroon siya ng bagong respeto sa sarili bilang taong may sariling dalumat at pagpapasiya, taglay ang likas na kapasidad at kakayahang palitan o baguhin ang kaniyang kapaligiran.

## PAGSAMSAM SA LAKAS-PAGGAWA

Ang pinakamahalagang karanasan ni Pedro ay nangyari nang siya ay maiangat sa baytang ng katiwala, at pinagbintangan siyang isang "pusa," o makasariling taksil sa mga kasama. Dagling nagalit ngunit huminahon. Ayaw niyang kumalat ang kabulaanan, gusto niyang maipairal ang katotohanan. Paano gagawin iyon? Sumingit ang halimbawa ni Dimas, ang kaibigang intelektuwal. Sa pakiwari ko, ito ang susi sa karakter ni Pedro, ang tagapagtanggol ng puri ng Balingkahoy at ng ginahasang sambayanan. Nakapag-isip at nakapagpasiya ang pesanteng trabahador batay sa karanasan niya sa hanay ng mga manggagawa sa lungsod:

> …Sila, ang kanyang mga kasamang mainggitin, ang makapipilit na siya'y sumama. Sila, ang sa pag-upasala sa isang mapagtapat-loob, ang ipagiging mabangis tuloy ng kalooban niyang maamong talaga. Ngunit nang nabubuo na lamang sa isip ang ganitong pangwasak na akala, ay nagunita si Dimas, ang kanyang mahal na kaibigan, ang mabuti niyang katoto na bumago sa dati niyang mga paniniwala.
>
> Si Dimas! Pagkadakidakila ng mga Aral ng taong ito.
>
> At parang malikmata na noon di'y nanauli sa dating kababaang-loob si Pedro….
>
> At noon di'y naisip ng bintana hindi lamang pagpapatawad ang dapat niyang gawin kundi samantalahin pa ang pagkakataong ito "upang" maturuan ng dangal ang nagkakamali niyang mga kasama (1911, 130).

Bukas ang diwa't kalooban ni Pedro sa mga turo at payo ni Dimas.

Natutuhan ni Pedrong igalang ang sarili, at kahit naghihirap ay sikaping lalong dapat magpakarangal. Ang huwaran ni Dimas ay ang mga organisador-lider ng mga unyong sina Hermenegildo Cruz, Felipe Mendoza, Dominador Gomez, Aurelio Tolentino at iba pang kasapi sa Union Democratica de Filipinas. Pangunahin si Lope K. Santos, awtor ng maka-sosyalistang akda, *Banaag at Sikat* (1906), at si Crisanto Evangelista, na namuno sa Union de Impresores de Filipinas at Congreso Obrero de Filipinas (Kerkvliet 1992, 6-30). Mababanggit din sina Isabelo de los Reyes, Antonio Ora at Jacinto Manahan.

Sumanib si Pedro sa kapisanan hindi dahil nakayag ng mga kasama kundi dahil sa pananalig na "ang buhay na di nauukol sa isang bagay na dakila ay kahinahinayang at walang halaga" (1911, 107). Ang karunungang bumasa at sumulat ang susi sa pagkakaunawaan nina Lusia at Pedro, kaakibat ng sistema ng koreo/komunikasyon ng lipunang salig sa komersiyo. Sa bisa ng karunungang sumulat at ibahagi ang saloobin sa pinipintuhong Lusia,

na "matututhan kung ano ang tunay na kahulugan ng buhay…Sa aking akala, ang tao ay dapat gumawa ng lahat na ipagiging marapat niya sa pagka may isip" (1911, 108). Pagsusulatan, hindi pakikinig sa sermon ng pari sa simbahan o sa talumpati ng mga politiko, ang *desideratum* sa kamulatan. Tumunton sa pagbabagong-buhay at isang bagong panahon ang masugid na minimithi ni Pedro, ang alagad at kapanalig ni Dimas.

Napulot sa mapait na pangyayari ang aral na noon pa ma'y naikintal na sa laman ni Lusia: "Sundang ng katoto at di katalo ang natay sa akin." Tila pahiwatig sa katipan na handa siyang humarap sa trahedya ng kanilang buhay. Upang hindi makagulo sa dating pinapasukan, at sa tulong ng mga aral ni Dimas at inspirasyong hango kay Lusia, lumipat si Pedro sa trabaho sa paghakot ng mga lulan ng bapor. Madali niyang nasanayan ang gawain, at iginalang ng mga kasamahan sa kaniyang mabuting asal. Laging malapit o kakawing ng pangkat ng mga trabahador ang edukasyon ni Pedro, sa tulong ni Dimas-Ilaw at sariling bait at budhi.

Sa di-sinasadyang pagkakataon, munti nang magkabanggaan ang dalawang protagonista. Nasilip ni Pedro si Don Hasinto sa bapor, walang muwang sa hinaharap. Pagkatapos mabasa ang pagtatapat ni Lusia, na "Sa aki'y natupad na minsan pa iyong kasabihang ang maliit ay kakanin ng malalaki"—sawikaing nagdudulot ng distansiya sa kasawian—nagpasiya si Pedro na maghiganti. Dito nagbuhat ang matalinghagang pamagat ng nobela: "Lumubog na lahat ang kaniyang mga pag-asa, at natabunan ng sunod-sunod na daluyong ng masamang palad" (1911, 234). Naipagpasiyang gawin ang nararapat "upang ang malupit na paris ni Don Hasinto ay may pagkadalaan."Nakataya ang kaniyang pagkatao, pagkalalaki, dangal; "ang salop kung apaw na ay dapat kalusin. At siya ay natatalagang kumalos!" (1911, 234-35). Lumantad ang katotohanan na parang sikat ng araw, at di nasilaw si Pedro, hindi natinag sa pananalig sa katuwiran at sa katungkulan. Buo na ang loob, hindi nabiktima ng *anomie* at reipikasyon sa kapitalistang modernidad na laganap sa kolonisadong Maynila.

Napagtibay ni Lusia ang katotohanan sa kanilang pag-uusap sa ilalim ng bintana, paalaala sa mga tagpo ng matimtimang kombersasyon nina Luis at Danding sa *Pinaglahuan* at nina Amando at Sinday sa *Kaligtasan*. Noong nasa Maynila, magaan ang loob niyang magpatawad sa mga kasamang obrero. Subalit sa harap ng nagdadalamhating Lusia, "lalong

masama ang magpatawad. Nasa sa pagpapabaya ang pinamimihasa, at ang gawang masama kailan may hindi dapat pausbungin." Bago masapit ang pagpaslang sa kasike, dinalaw ni Pedro ang burol ng mga magulang at sumumpa roon na ang gagawin ay hindi makasariling tangka kundi utos ng mga ninuno, ng buong ordeng naghihimagsik laban sa "mga nagsisilupig sa katwiran," lalo na sa "banal na katwirang huwag ipaapi ang pagkatao…Ang ginawa ni Don Hasinto ay hindi lamang pag-utang ng buhay [ni Lusia] na masasabi, kung hindi pagpatay sa matwid, na lalong nakapangingilabot na kasalanan at karapat dapat sa isang mabigat na parusa" (1911, 267). Sa isang kasabihan ni Dimas-Ilaw na itinanghal sa huling pahina ng nobela ang mahihinuhang nakaugat sa sakripisyo ni Pedro : "Kung sa ipaghahari ng matwid ay kailangang puhunanin ang buhay, libo man ay masaya ninyong ipagkaloob, sapagkat ang katauha'y nangangailangan pa ng mga bayani, upang patuluyang matubos… Sa pagmamahal sa puri at paggalang sa matwid natatausan ang buhay, samantalang sa paglabag sa ganitong tuntunin ay kamatayan lamang ang matatamo" (1911, 297).

## ANG PARADIGMA NI LUCRETIA

Pagnilayan natin ang implikasyon ng engkuwentro. Nakasalig sa matatag na budhing humahatol sa ginawa, hindi sa personalidad ng kinondena, hinarap ni Pedro si Don Hasinto. Sa mapang-uyam nitong salita—"nakapangahas kang humarap sa iyong panginoon upang siya'y upasalain?"—ang sagot ng pangahas ay pagtarak ng balaraw sa dibdib ng panginoon. Maituturing iyon na talinghaga sa pagwasak ng cacique sa puri ni Lusia—ang "Lucretia" ng kanayunan (bukod sa sigalot na bunga ng paglapastangan kay Lucretia, sangguniin din ang gahasa ng mga nabuntis na babaeng Sabines na dinukot ng mga Romano noong ika-8 dantaon (Oxford 2006, xxx, 558).

Maitanong natin sa multo ng awtor kung kusang itinugma ang pangalang "Lusia" kay Lucretia, ang huwarang matronang Romano na ginahasa ni Sextus, anak ni Tarquinius Superbus. Biglang nagpakamatay si Lucretia pagkatapos hingin sa asawa at mga alagad na ipaghihiganti siya. Natupad nga iyon at itinaboy ang angkan ng mga Tarquinius sa Roma at naitayo ang Republika (Harris & Levey 1975, 1594). Marahil nakapadron sa kuwentong iyon ang pangmatagalang ambisyon nina Pedro at Dimas: ibagsak ang imperyo upang maitindig ang nagsasariling Republika ng Pilipinas. Di

rin malilimutan ang tula ni William Shakespeare, "The Rape of Lucrece," at iba pang akdang dumadakila sa tapang, galing, at birtud ng babaeng lumaban sa maskulinistang kataksilan at naglunsad ng malayang kaayusan (Shakespeare 1969).

Sa kasaysayan ng paganong Roma, maidiriin dito ang patriyarkong rehimeng umiral bago maging opisyal na relihiyon ang Kristiyanidad. Puwedeng patayin ng ama ang anak tulad ni Virginia, isang plebeyo, na nilapastangan ng isang *patrician* (Lewinsohn 1958, 64). Di nakamamangha: ang orihinal na kahulugan ng pamilya ay "pulutong ng mga esklabo." Pagkabunyag sa sinapit ni Lucretia, nagrebelyon sa Roma, pinatalsik ang monarkiya at itinatag ang Republika. Gayundin ang nangyari sa kaso ni Virginia.

Walang dudang magkaiba ang Romanong moralidad sa Kristiyanong doktrina hinggil sa kasarian. Dinakila ang kababaihan sa imahen ng Birhen at ng mga kamag-anak nina Joseph at Maria, at sa halimbawa ni Maria Magdalena. Kaya hindi nakalampas kay San Agustin ang kaso ni Lucretia. Sa *Siyudad ng Diyo*s (*City of God)*, Libro I, kabanata 19, masinsing pinaglirip ang kabaligtaran ng di-maipagsasanib na prinsipyong moral ng dalawang kabihasnan. Ani San Agustin: "We maintain that when a woman is violated, while her soul admits no consent to the iniquity, but remains inviolately chaste, the sin is not hers, but his who violates her" (1984, 410). Inilagay ni San Agustin sa bibig ni Lucretia: "Nilapastangan lamang ang katawan ko, walang bahid ang puso ko, saksi ang pagkamatay ko." Samakatwid, higit na mahalaga ang kaluluwa kaysa katawan, at di umano'y walang kasarian ang kaluluwa.

Sa mito, sinaksak ni Lucretia ang sarili dala ng mabigat na kahihiyan. Tila bagang hindi niya maipakita sa lahat ang konsiyensiya niya, kaya naipagpasiya na ang kaniyang pagparusa sa sarili ay testamento ng kaniyang busilak na diwa. Nagulumihanan ang babae, nabulid sa balisang dulot ng mga bintang, suspetsa, malisyosong alingasngas. Subalit kay San Agustin, ang organong seksuwal ay tandisang makasalanan (naapektuhan ito ng dating hilig sa neoPlatonikong doktrina na laganap sa Gnostikong kilusan). Kaya problematiko ang pagtatanggol ni San Agustin sa mga Kristiyanong babae na ginahasa ng mga barbarikong tribung lumusob sa Roma (sinaliksik ang usaping ito ng dalawang iskolar: Thompson 2004; Donaldson 1982).

Kay Aguilar, si Lusia ay kahawig ng Birhen: sandaling sumulak ang galit ngunit sa paglilimi, huminahon at nagpalubog sa dalamhati't pighati (1911, 180-82). Ang hulagway ng titulo ng nobela ay tangkang ipagdikit ang alon ng mga damdaming halos lumunod kina Lusia, Pedro, at kanilang magulang, na kapwa nakatuntong sa katihang (Balingkahoy, Dapdap) inalipusta ng kasike/oligarkyang pinapatnubayan ng imperyalismong umuugit sa Estado. Tutukuyin sa siniping talata ang bukal ng paradohang pinagsingkaw ang estatikong lupa at dinamikong tubig:

> Sa huling sulat sa kanya ni Pedro na may ilang araw lamang natatangap, ay sinasabi pang si Don Hasinto nga ay dumating na at kanyang nakita sa bapor na kinasasakyan. Siya nga naman dumating na at kaya pala napasa Balingkahoy ay upang si Lusia ay ipahamak lamang.
>
> Maanong sa dagat ay inabot na ng isang sakuna at hinigop sana ng tubig ang kanyang kinalululanang sasakyan! Di sana'y wala ngayong magiging sanhi ang kanyang mga pagluha.
>
> Ano ngayon ang dapat gawin? Kung dito mapabaling ang kanyang pagkukuro ay pinapagaalinlangan ng di lalaksang damdamin na biglang sumasalakay sa kanyang puso (1911, 180).

Nang tanungin ng ama kung ano ang dapat gawin sa kasawian ng anak, sagot ng ina na tinig ng ilang siglong disiplina ng pagtanggap sa anumang idudulot ng tadhana o ng mga bathala—makibagay, umagpang o umakma sa kinakailangang pagbabago: "Si Lusia? Si Lusia at matuto namang kumalapa. Naroon na rin lamang ay ano pa. Ang tao ay walang di natitiis at napakikiayunan kung iibigin" (1911, 223). Dunong ng pesanteng uri at ng lahing alipin, o pragmatikong kabatiran at galing ng kababaihan?

## NGIPIN SA NGIPIN, IBALING ANG KABILANG PISNGI


Maituturing na si Lusia ang sagisag ng busilak na kalikasan na hinuhuthot ng oligarkiya/Amerikanong imperyalismo. Sila ang taga-usig ng utilitaryanismong makasarili, ang lohika ng teknokratikong modernidad na pumatnubay sa pagsulong ng Hapon na hinangaan ni Don Hasinto. Isinadula rito ni Aguilar ang kapitalistang eksplotasyon ng kalikasan at ng tao, ng kababaihan at uring anak-pawis. Sa komprontasyon nina Don Hasinto at Pedro, ang puwang ng sekularisasyon/rasyonalidad—inilunsad ng Kaliwanagan at rebolusyong Pranses—ay sandaling natakluban ng sakrosantong espasyo na tumubos sa pagkasadlak ni Lusia, sagisag ng kalikasang naglaho.

Maihahantad ang paghahanay ng mga kategorya at konseptong lumalagom sa mga partikular na detalye sa semiotikang diyagrama sa susunod na pahina. Masisinag dito ang mga isyung isinadula sa engkuwentro at pakikihamok ng mga tauhang gumanap ng kani-kanilang tungkulin sa daigdig na inilatag ng naratibo:

Sa kabuuan, ang dahas ni Don Hasinto ay dahas ng imperyalismong Amerikanong sumakop sa isla. Tulad nina Ige, Goryo at iba pang pesanteng binayaran o nahimok ng salapi, kasabwat ang oligarkya (cacique at komprador) sa panunupil ng mga magbubukid at manggagawa, sampu ng mga taong kabilang sa uring petiburges na intelektuwal (Dimas-Ilaw). Ang paglipat ni Dimas-Ilaw sa kanayunan ay maihahalintulad sa pagsasanib ng kapisanang magbubukid ni Pedro Abad Santos at bukluran ng mga manggagawa nina Crisanto Evangelista at Vicente Lava (Saulo 1990), Maisasalungguhitan natin muli: sa kapitalismo, walang sagrado—puri ng babae, kagandahang-loob ni Goryong Dupil, kalunya—na nakapaloob sa sirkulo ng pamilihan. Kinasangkapan ng oligarkya ang libog sa pagpapatibay sa awtoridad ng mayamang kasike, higit sa sarap o tamis ng seksuwal na pakikipagtalik. Labag na sa rasyonalidad o kalkulasyon ng halagang-palitan (exchange-value), ang pagwawaldas ay nagbunga ng sakrosantong larang kung saan ang birhen—ang sinasambang dilag ni Pedro—ay sinakripisyo.

Kalangkap ng libog, at alalay nito, ang kasakiman ng panginoong maylupa, komprador at burokrata-kapitalista ay inilarawan sa pagsasamantala ni Don Hasinto hindi lamang kay Lusia kundi sa buong

sambayanan (sinasagisag ng Balingkahoy at Dapdap). Ang pag-alipusta ng walang pakundangang sukab sa lahat ng tao, pati na mga kalunya niya, ay matalas at matalab na pagsasakdal sa walang-hiyang barbarismo ng kapitalismo at imperyalismo, na tila hindi maigugupo kundi sa apokaliptikong babala ni Dimas-Ilaw na ipinahayag sa mga kasabihang sinipi sa huling kabanata.




*Pigura 1: Iskema ng Diyalektikang Ikot ng mga Kategoryang Pampulitika't Pang-etika*

Nakalagom sa praktika ng kasike ang bisa at birtud ng paglulustay. Ang pista ng pagsira at pagwawaldas, ayon sa kuro-kuro ni Georges Bataille, ay siyang lumilikha ng banal na mundong kontra sa petisismo sa salapi at ipinagbibiling manupaktura (1985, 116-136). Ang sagradong espasyo ay bumukal sa paglulustay at pagwawaldas, sa pagsira sa puri ng kalikasan. Sa larangan din ito nabuhay ang espiritu ng mga magulang ni Pedro, ng mga kaluluwang pumapatnubay sa Balingkahoy at kanayunan. Ang mga ninuno, tagapagkalinga ng kalikasan, ay siyang hukumang humatol sa pagkitil ng buhay ng kasike na lumabag sa kostumbre at kaugalian. Isa rito ang *lex*

*talionis*, isang pagpaparusang katumbas ng lalim at laki ng pinsalang ginawa na sang-ayon sa batas, upang di mapalawig ang paghihiganti (*Ang Bagong Tipan* 1996, 6). Salungat ito sa turong pagpapatawad sa mga nagkasala o pagpapaumanhin sa terorismo ng kasike't imperyalista.

Sa prinsipyong ipinapayo ng Kristiyanidad, dapat gantihan ang kasamaan ng kabutihan. Pakinggan natin ang payo ng Panginoon sa Pangaral sa Bundok: "Narinig ninyo na sinabi, "Mata sa mata, ngipin sa ngipin. Ngunit ngayo'y sinasabi ko sa inyo: huwag ninyong labanan ang masamang tao. Kung may sumampal sa iyo sa kanang pisngi, iharap mo pa sa kanya ang kabila" (Mateo 538-39). Hindi ito puna sa batas, kundi tagubilin na huwag gawing makasarili ang paghingi ng katarungan.

Sa pagpapaliwanag ng kaniyang pasiya, isinaalang-alang ni Pedro ang puri ng dalaga, na katumbas ng malaya't marangal na kabuhayan, na ibinaon sa hukay ni Don Hasinto. Dagdag dito, inutang din ng kasike ang maluwalhating kinabukasang ipinangarap ng dalawang magkasintahan, pati na ng kanilang magulang at ali. Karampatang kabayaran ang sinikap igawad ng vengador ng Birhen, na nag-alay din ng kaniyang buhay upang mahugasan ang karumihan ng lipunan. Sa paghandog ng kaniyang buhay, si Pedro ay naging *scapegoat*, isang saserdoteng nagpasinaya sa paglilinis ng reputasyon ng Balingkahoy at pagpagbabagong-buhay ng sambayanan.

## PAHABOL NA BALITA

Ano ngayon ang hinaharap ng kolonyang Pilipinas pagkaraan ng dekada ng puspusang Amerikanisasyon? Mapapansin na ang talagang epilogo ng nobela ay hindi iyong inilistang sawikain o matalinghagang kasabihang ikinalat ni Dimas-Ilaw at kinatakutan naman ng kura at mga opisyal ng Estado sa Balingkahoy. Ang matingkad na pahimakas ay iyong sulat ni Dimas-Ilaw kay Lusia na nagpapahatid ng mga huling pagpapaalam ni Pedro mula sa bilangguan. Ang paraan ng koreo, ang paglilihan ng magkasintahan, ay humantong sa liham ni Dimas-Ilaw na nagkakawing sa dalawang tauhang kinatawan ng siyudad at kanayunan.

Pagkabasa ng mahabang sulat ni Dimas, naisaloob ni Lusia na si Pedro ay "isang taong dakila." Narito ang siniping pangungusap ni Pedro

na ipinahatid sa liham ni Dimas, na nag-ayos ng kumbersasyon ng nagkahiwalay na magkasintahan:

> Sabihin mo rin na pakakamahalin sana ang kanyang anak. Ako man ang pumatay sa ama ng batang ito, ay mahal naman sa aking loob. Ngayong wala siyang magigisnang ama, ay sa kanyang ina mapapabuhos na lahat ang kanyang pagmamahal. At dahil dito kung kaya ko siya iniibig. Iyo rin namang ipahiwatig sa aking sinisinta—ang kanyang dugtong—na ang kahulihulihan at maalab kong adhika ay makita isang araw na siya ay maligaya at walang bahid-dungis sa magandang noo. Mamamatay akong naliligayahan sapagkat sa hinaharap ay wala nang mga Don Hasinto na mangangahas pa sa kanyang kahinaan. At ipagpaalam mo ako hanggang sa kabilang buhay. Iyan po ang mga bilin ng sawingpalad kong katoto. (1911, 294)

Maliwanag rito na pinuputol na ang relasyong batay sa dugo, ang ugnayang-biyolohikal, na sandigan ng monarkiya at piyudalismong sistema. Pinapatid ang pagmananang sandugo upang maitindig ang isang republika-demokrasyang sistema ayon sa pagkakapantay-pantay at pagdaramayan sa komunidad. Naisaad din ito sa paraan ng isang tagapamagitan, ang pangatlong tao na saksi sa pagkikipagpalagayan ng dalawa: batis o bukal ito ng sosyalistang ugnayan ng mga rebolusyonaryong mamamayan.

Sa wakas ng liham, ikinintal ni Dimas ang pundasyon ng komunidad na kaniyang inaadhika, ang komunidad na bunga ng sakripisyo ni Pedro, ng isang martir tulad ni Lucretia, na humikayat sa madlang maghimagsik laban sa tirano. Makahulugan dito ang pagpapahalaga niya sa papel ni Lusia, na kung wala iyon ay wala ring saysay ang kaniyang pagsisikap itaguyod ang prinsipyo ng komunalismo sa isang kapisanang "nag-uusig ng paghahari ng kapatiran, ng pagkakapantay-pantay at kalayaan." Isinumpa ni Dimas kay Lusia, ang simbolo ng kolonisadong Pilipinas, ang kaniyang paglilingkod at paghahandog ng kaniyang makakaya—karapat-dapat na kongklusyon sa epiko ng sambayanang nagtitiis at nakikibaka: "Ngunit kayo at saka ako, ang tanging nakauunawa sa kadakilaan ng ginawa ni Pedro, at katungkulan nating pakamahalin ang kanyang alaala, ariing yaman ang pakita niyang halimbawa, at tuntuning di

mapaghahamakan ang kanyang mga habilin. Sa ganang akin ay maipapahayag ngayon, na ang mga pagkaaping paris na inyong tinitiis ay nagpapatibay na lalo sa aking pag-asa. Ang aking pag-asa! Isang isa lamang at ganito ma'y hindi pa matupad. Ngunit may kapanahunang ding ang katwiran ay siyang maghahari… Sinasabing ang pagtitiis ay kabaitan, at idinurugtong ko na ang pag-asa ay nagbibigay lakas. Bakit di natin aasahan na pagkatapos ng sigwang ito ay sisikat naman ang araw?" (1911, 295).

**EPILOGO NG DISKURSO**

Sa balangkas ng pag-iibigan ng magkanayon na winasak ng kapangyarihang piyudal, sinikap ng tagapagsalaysay na ilarawan ang masalimuot na transisyon ng agraryong ekonomiya ng kolonya tungo sa mala-industriyalisadong kaayusan. Nabaluktot ang paglipat at pagsulong. Gamit ang tradisyong masunurin ng mga pesante, pinilit ng panginoong maylupang may asal-komprador na muling igiit ang kaniyang alanganing awtoridad sa paggahasa ng dalagang sumasagisag sa minanang kaugailan. Subalit naghunos ang uring pesante sa bisa ng karanasan sa siyudad dulot ng komersiyo at sistemang sahod-makaalipin (*wage-slavery*). Sa tulong ng mapagpalayang pangkat ng mga intelektwal sa lungsod, hinamon ng namulat na anak-pawis ang mapagsamantalang orden. Bagamat nireporma ng mananakop ang politika ng Estado, hindi binago ang etika ng pagsunod sa awtoridad ng kasike batay sa pag-aari ng lupain. Dahas at relihiyon ang magkasabwat sa subordinasyon ng kababaihan at pagpaparusa sa naghiganting katipan.

Mula rin sa patriyarkong orden ng katutubong kultura sumupling ang etika ng paghihiganti at pagtatanggol sa karangalan ng angkan. Bagamat nakaugat pa rin ang sensibilidad ni Pedro sa dugong nagbubuklod sa tribu, nahaluan na ito ng mabangis na ideolohiya ng komprador-kapitalistang naghahari sa buong kolonya. Abenturerong anak-pawis ang nagsilbing mediyasyon ng nayon at lungsod. Samantala, si Don Hasinto—sa bisa ng pagpanig niya sa awtoritaryang modernismo ng Hapon—ang kumatawan sa kakatwang paglalangkap ng piyudal/militaristikong gawi at indibidwalistikong hilig. Hindi naman alagad ni Nietzsche si Don Hasinto (o si Aguilar)—lubhang lubog ang kasike sa pagpapasasa sa libidong bulgar—subalit taglay ang sinikal at pagkawalang-bahala ng dekadenteng etika ng

aristokratang kinondena ng mga puritanikong ministro ng kapitalismong merkantil sa siglo ng Protestanteng Reformasyon.

Sa gayon, ang politika ng oligarkyang nakipagsabwatan sa Amerika noong unang dekada ng siglo 1900 ay umaktong saligan ng etikang mapagsamantala. Malinaw na determinado ito ng sistemang piyudal na sinuhayan ng limitadong aktibidad ng katutubong komprador/negosyante sa empresa ng asukal, abaka, niyog, atbp. Ipinahiwatig ng naratibo na upang makalaya sa maka-sariling etika ng oligarkya at sa maramdaming etika ng angkang sinunod ni Pedro, kailangan ang mapanuring kaisipan (sinagisag ni Dimas-Ilaw) upang mailigtas ang mga biktima sa madaya't mapagkunwaring pamamahala ng mga propitaryong hinirang ng kolonyalistang administrasyon.

Ginamit ni Aguilar ang sikolohikong analisis, realistikong sipat, at mala-alegorikong pagsasadula ng tunggalian ng mga uring anak-pawis at kasike/komprador. Naisakatuparan ito sa paglalarawan ng politikang sekswal ng kasike at patriyarkong ideolohiya ng negosyante (ebidensiya ang pakikiapid at prostitusyon). Kontra dito ang etika ng kamag-anakan at dangal ng kadugo, etika ng hiya na di-matatalo ng salapi o pag-aari. Bagamat siningil ang utang/krimen ni Pedro, hustisya ng Estado ng rehimeng malupit ang nanaig. Patuloy na umiral ang lumang sistema na ngayo'y nahubaran ng balatkayo, nakatambad sa kritika ng radikalismong intelektwal na supling sa rebolusyonaryong tradisyon. Sinalamin ng nobela ang problema ng ugnayang piyudal-kapitalista sa panahon ng unang dekada ng pagsakop ng imperyalismong Amerikano na lumulunod sa mga katutubong nagbubungkal ng katihan at sumasagip sa nakupkop na likas-yaman at masaganang biyaya ng kolonisadong arkipelago. Nagpapatuloy pa rin ito hanggang sa kasalukuyang sitwasyon ng neokolonya.

***E. San Juan, Jr.** is emeritus professor of English, Comparative Literature, and Ethnic Studies at the University of Connecticut. He is also a visiting professor of English at the UP DECL from Jan to March 2018. He also served as a fellow of the Center for the Humanities and Professor of English in Wesleyan University; professor and chair of the Department of Comparative American Cultures, Washington State University (1998-2001). San Juan was also fellow of the W.E. Du Bois Institute, Harvard University; his latest book is *Pierce/Marx*, available from amazon.com.

## SANGGUNIAN

Agoncillo, T. (1974) . *Filipino Nationalism: 1872-1970*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co.

Agoncillo, T. & Alfonso, O. (1967). *History of the Filipino People*. Quezon City:Malaya Books.

Agoncillo, T. & Guerrero, M. (1970). *History of the Filipino People*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Company.

Aguilar, F. (1911). *Nangalunod sa Katihan.* Maynila: Limbagan ng Cultura Filipina.

Baker, H. (1947). *The Image of Man.* New York: Harper Torchbooks.

Bataille, G. (1985). *Visions of Excess: Selected Writings, 1927-1939.* Minneapolis: University of Minnesota Press.

Brinton, C. (1959). *A History of Western Morals.* New York: Harcourt, Brace and Co.

Constantino, R. (1975). *The Philippines: A Past Revisited.* Quezon City: Tala Publishing Services.

De Rougemont, D. (1956). *Love in the Western World*. New York: Fawcett Publications.

De Vera, M. G. (1982). "Pakikipagkwentuhan: Paano kaya Pag -aaralan ang Pakikiapid?" Nasa sa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*, pat. Rogelia Pe-Pua. Quezon City: University of the Philippines Press. pp. 187-193.

Donaldson, I. (1982). *The rapes of Lucretia*. Oxford, UK: Oxford University Press.

Engels, F. (1972). "The Origin of the Family, Private Property and the State." Nasa sa *The Marx-Engels Reader*, pat. Robert Tucker. New York: W.W. Norton, pp. 734-59.

Galauran, F. (1992). "Mga Paksa ng Nobelang Tagalog." Nasa sa *Kritisismo*, pat. Soledad Reyes. MetroManila: Anvil Publishing Co.

Genette, G. (1980). *Narrative Discourse: An Essay on Method*. New York: Cornell U Press.

Guerrero, A. (1971). *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*. Manila: Lathalaang Pulang Tala.

Gurvitch, G. (1971). *The Social Frameworks of Knowledge*. New York: Harper Torchbooks.

Harris, W.& Levey, J. (Pat.) (1975). "Lucrece/Lucretia." *The New Columbia Encyclopedia*. New York: Columbia University Press.

Heller, A. (1978). *Renaissance Man*. New York: Schocken Books.

Jed, S. (1989). *Chaste Thinking: The Rape of Lucretia and the Birth of Humanism*. Bloomington, IN: University of Indiana Press.

Kerkvliet, M. T. (1992). *Manila Worker' Unions, 1900-1950*. Quezon City: New Day Publishers.

Labor Research Association. (1958). *U.S. and the Philippines*. New York: International Publishers.

Lewinsohn, R.. (1958). *A History of Sexual Customs*. New York: Harper Torchbooks.

Mojares, R. (1983). *Origins and Rise of the Filipino Novel*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Oxford University. (2006). *The Desk Encyclopedia of World History.* New York: Oxford University Press.

Pomeroy, W. (1970). *American Neo-Colonialism.* New York: International Publishers.

Regalado, I. (2013). "Ang Pagkaunlad ng Nobelang Tagalog." *Mga Lektura sa Kasaysayan ng Panitikan*, pat. Galileo Zafra. MetroManila: Aklat ng Bayan, pp. 157-77.

Ricoeur, P. (1965). *History and Truth*. Evanston, IL: Northwestern University Press.

Saint Augustine [San Agustin]. (1984). *City of God*. London: Penguin Classics.

San Juan, E. (2019). "Oligarkong Komprador, Patriyarkong Piyudalismo, at Simbolikong Transpormasyon ng Diwa sa Ilalim ng Imperyalismong Amerikano." *Malay: 1-17*.

Saulo, A. B. (1990). *Communism in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Sawyer, R. (1994). *The Art of War by Sun-tzu*. New York: Barnes and Noble.

Shakespeare, W. (1969). "The Rape of Lucrece." Nasa sa *William Shakespeare The Complete Works*, pat. Alfred Harbage. New York: Penguin Books, pp. 1419-1438.

Taylor, T. (1996). *The Prehistory of Sex*. New York: Bantam Books.

Thompson, J. (2004). "'Accept this twofold consolation, you faint-hearted creatures': Saint Augustine and contemporary definitions of rape." Studies in *Media Information Literacy Education 4.3 (August)*. <http://www.utpress.toronto.ca/journal/ejournals/ simile> (4 January 2019).